# Pamumuhunan sa mga Naratibo

## Paano isinusulong ng Beijing ang mga proyektong pangkaunlaran nito sa Pilipina

Setyembre 2024

Bryan Burgess, Timothy Joseph G. Henares, Eun Young Kim, Divya Mathew, Jonathan A. Solis, and Narayani Sritharan

AIDDATA
A Research Lab at William & Mary

ASIA SOCIETY PHILIPPINES

# Pagkilala

Ang ulat na ito ay inihanda niya Bryan Burgess, Timothy Joseph G. Henares, Eun Young Kim, Divya Mathew, Jonathan A. Solis, at Narayan Sritahani. Sinuportahan nina John Custer at Sarina Patterson ang lathalaing ito sa pamamagitan ng pagpatnugot, layout at mga biswal. Nagbigay ng giyang editoryal si Samantha Custer, samantalang sinuportahan nina Brook Lautenslager at Rodney Knight ang mga mga pinagbatayang datos kung saan naka-angkla ang pag-aaral na ito. Ang pabalat ay ginawa ni  Sarina Patterson at ang mga larawan ay galing sa Summit Art Creations at kay Nate Hovee mula sa mga imahen ng Adobe Stock, na ginamit na may lisensya mula sa Adobe. Ang pag-aaral na ito ay ginawa ng  AidData, isang laboratoryo ng pananaliksik sa Global Research Institute ng William at Mary, sa pakikipag-kolaborasyon sa Asia Society Philippines. Nagpapasalamat kami kina Alec Julian A. Templonuevo at Isabel Sofia Santiago para sa kanilang pagsusuri at komento na nakatulong sa amin; pinalakas nito ang aming mga pagsusuri at mga natagpuan sa ulat na ito. Pinasasalamatan din namin ang 12 ekspertong Pilipino galing sa media, think tank, pamahalaan at lipunang sibil, militar at akademya sa pagbibigay ng panahon at kabatiran sa panayam tungkol sa mga naratibo ng media sa Tsina. Nagawa ang pananaliksik na ito dahil sa mapagbigay ng suporta ng Kagawaran ng Estado ng Estados Unidos ng Amerika. Pinasasalamatan din namin si Propesor Danton Remoto sa pagsasalin ng ulat na ito mula Ingles patungong Tagalog. Ang mga kabatiran at konklusyon sa ulat na tio ay galing lamang sa mga may-akda at hindi sumasalamin sa mga pananaw ng nagbibigay sa amin ng pondo, partner, mga nagrerebyu, o iyong sumama sa mga panayam.

# Pagsipi

Burgess, B., Henares, T. J. G., Kim, E. Y., Mathew., D., Solis, J. A., and N. Sritharan. (2024). *Pamumuhunan sa mga Naratibo: Paano Isinusulong ng Beijing ang mga Proyektong Pangkaunlaran nito sa Pilipinas.* Williamsburg, VA: AidData at William at Mary.

# Mga Akronim

| | |
|---|---|
| BBB | Build! Build! Build! Infrastructure Program |
| BRI | Belt and Road Initiative |
| BRNN | Belt and Road News Network |
| CAPPC | China Asia Pacific Press Center |
| CCP | Chinese Communist Party |
| CCTV | China Central Television |
| CGTN | China Global Television News Network |
| CNC | China Xinhua News Network Corporation |
| COVID-19 | Coronavirus disease 2019 |
| CPDA | China Public Diplomacy Association |
| CRI | China Radio International |
| CRPIP | Chico River Pump Irrigation Project |
| CSP | Content Sharing Partnership |
| CUC | Communication University of China |

| | |
|---|---|
| DENR | Department of Environment and Natural Resources |
| ECC | Environmental Compliance Certificate |
| ESG | environmental, social, and governance |
| Exim Bank | Export-Import Bank of China |
| LGU | Local Government Unit |
| LSD | Lexicoder Sentiment Dictionary |
| Mislatel | Mindanao Islamic Telephone Company |
| MOAs | Memorandums of Agreement |
| NEDA | National Economic and Development Authority |
| Northrail | North Luzon Railways Corporation |
| NRTA | National Radio and Television Administration |
| NSCR | North-South Commuter Railway |
| NTC | National Telecommunications Commission |
| PCOO | Presidential Communications Operations Office |
| PNA | Philippine News Agency |
| POGO | Philippine Offshore Gaming Operator |
| PTV | People’s Television Network |
| PRC | People’s Republic of China |
| RSF | Reporters sans frontières (Reporters Without Borders) |
| SCMP | South China Morning Post |
| US | United States |

# Nilalaman

**1. Panimula** **1**
**2. Ang Makina ng Estado ng Media sa Beijing** **3**
2.1 Ang Estado ng Media na Tagapagsalita ng PRC sa Pilipinas 4
2.2 Mensahe sa Pilipinas ng Media na Pag-aari ng Estado ng PRC 6
2.2.1 Dalas at Damdamin ng Media ng PRC sa Pilipinas 7
2.2.2 Tatlong Kilalang Naratibo ng Media ng PRC sa Pilipinas 8
2.2.3. Naratibo na Tutol sa Pamumuhunan ng Media ng PRC sa Pilipinas 10
**3. Indirektang Impluwensya ng Pagmemensahe sa Media ng Beijing** **14**
3.1 Content-Sharing Partnerships sa Media sa Pilipinas 15
3.1.1 Pagsaklaw ng Media ng PRC ng mga sa Media ng Pilipinas na may CSP 18
3.2 Pagsasanay ng mga Dyornalist na Pilipino sa Tsina 24
3.2.1 Pagsasala sa mga Pagsasanay sa Dyornalismo at Pag-Imbita ng mga Bisita ng PRC 25
3.2.2 Mga Layunin at Kinalabasan ng Pagsasanay sa Dyornalismo sa PRC 27
3.3 Mga Troll sa Social Media, Kaibigan, at Influencers 28
**4. Mga Naratibong Nagbabanggaan o Nagiging Isa: Pagsaklaw ng Media ng Pilipinas laban sa Media ng PRC** **30**
4.1 Ang mga Naratibo ng sa mga Sagabal sa Implementasyon \31
4.1.1 Pagkabalam sa Pagtatapos ng mga Proyekto 32
4.1.2 Mga Alalahanin sa Pamimili at Regulasyon ng mga Proyekto 33
4.1.3 Mga Isyung Pangkalikasan at Panglipunan 34
4.2 Ang mga Naratibo ng Media sa Lokal na Pag-aari ng mga Pamumuhunan 35
4.3 Ang Papel ng mga Op-Ed at Co-opt sa Lokal na Kredibilidad 37
**5. Konklusyon** **40**
**6. Sanggunian** **43**

# Mga Pigura at Tablea

Tablea 1. Mga Bakas ng Paa sa Pilipinas ng Media na Pag-aari ng Estado ng PRC 4
Tablea 2. Mga Bakas ng ng Social Media ng PRC sa Buong Mundo 5
Pigura 1. Mga Artikulo tungkol sa Pilipinas ng mga Outlet sa PRC, 2017-2023 8
Pigura 2. Dalas ng Pangbanggit ng Mahahalang mga Salita tungkol sa Pilipinas sa PRC Media, 2017-2023 10
Pigura 3. Bilang ng mga Positibong Artikulo na Nailathala sa Media ng PRC na may Kaugnayan sa mga Proyektong Pangkaunlaran na Pinondohan ng PRC sa Pilipinas, 2017-2023 13
Pigura 4. Bilang ng mga Positibong Artikulo na Nailathala ng SCMP na may Kaugnayan sa mga Proyektong Pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas, 2018-2023 14
Tablea 3. Content-Sharing Partnership ng PRC sa Pilipinas 16

Tablea 4. Sample ng mga Artikulo Tungkol sa PRC at ang mga Proyektong Pangkaunlaran nito na Nailathala sa Walong Media Outlet sa Pilipinas, 2017-2023 19
Pigura 5. Bilang ng mga Kwentong Nailathala ng mga Outlet sa Content-Sharing Partnership, 2017-2023 20
Pigura 6. Porsyento ng mga Positibong Kwento Tungkol sas PRC Bilang Bahagi ng Lahat ng mga Artikulo na Nailimbag ng Outlet, 2017-2023 21
Pigura 7. Positivity share mula sa Philippine Daily Inquirer, 2017-2023 23
Tablea 5. Sampung Nangungunang Pinakamahal na mga Proyektong Pangkaunlaran ng PRC 31
Pigura 8. Sentimyento ng Coverage na may Kaugnayan sa Philippine Offshore Gaming Operators sa Media sa Pilipinas, 2017-2023 37
Pigura 9. Proporsyon ng mga Artikulong Op-Ed na Nagbabanggit ng Tsina sa Manila Times, 2010-2025 38
Pigura 10. Pagsusuri ng Sentimyento kada Quarter ng mga Artikulong Op-ed na Nagbabanggit ng Tsina sa Manila Times, 2010-2024 40

# Buod na Ehekutibo

Sa ulat na ito, *Pamumuhunan sa mga Naratibo: Paano isinusulong ng Beijing ang mga proyektong pangkaunlaran sa Pilipinas,* susuriin natin kung paano ginagamit ang direkta at hindi-direktang mga paraan para mahubog ang pag-uulat ng media sa mga proyektong pangkaunlaran nito sa Pilipinas. Tatlong sentral na mga tanong ang ating susuriin:

- Anong spesipikong mga naratibo ang ibinebenta ng Beijing tungkol sa relasyong ekonomiko nito sa Pilipinas?
- Gaano kahusay naipapaabot ng People's Republic of China (PRC) ang magandang gawain nito sa publikong Pilipino, at sa paanong mga paraan?
- At hanggang saan ang impluwensiya ng mga naratibo ng Beijing sa diskurso ng lokal na media?

## Direktang Pagmemensahe ng Beijing

Tatlong naratibo ang itinutulak ng Beijing na nakapalibot sa pamumuhunan nitong pangkaunlaran sa Pilipinas: ang kooperasyon sa PRC ay magdudulot ng tagumpay sa dalawang estado, wala nang makahaharang sa pag-angat ng Beijing, at ang Asya ay dapat pamunuan ng mga Asyano. Ang mga temang ito'y dinisenyo para ipakita ang PRC bilang isang mapagkakatiwalaang katuwang sa pagsulong ng kaunlaran, kapayapaang pang-rehiyon, at pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas. Malaki ang papel ng media ng pag-aari ng estado at media na naimpluwensyahan ng PRC para ibandera ang mga naratibong ito sa mga Pilipino. Malawak ang pagka-balangkas ng media ng PRC sa mga pamumuhunan na ito, nakatutok sa mga proyektong pang-imprastraktura habang dinadaplisan lamang ang mga hamon dala nito. Ang pagsaklaw sa mga indibidwal na proyekto ay nagpapakita lamang ng mga benepisyo, at hindi alintana ang mga kinakaharap na mga hamon.

Pinalalakas ng mga embahador ng PRC ang mga naratibong ito sa pamamagitan ng mga opinyon na nalalathala at sa mga pampublikong mga pahayag sa media. Pero paiba-iba ang danas ng impluwensya ng Tsina sa lokal na media, dahil sa mga heopolitikal na tensyon tulad ng sigalot sa South China Sea. Datapwat may mga hamon, ang pagkontrol sa naratibo ay isang mahalagang elemento ng estratehiya ng Beijing para mapanatili ang imahe nito bilang isang matulungin na katuwang sa kaunlaran.

## Indirektang Pagmemensahe: Pagtutulak sa mga Naratibong Kinikilingan

Habang ang pagtitiwala sa PRC ay bumaba sa gitna ng mga heopolitikal na tensyon, mas lalong tumutok ang Beijing sa mga indirektang paraan para hubugin ang pagsaklaw ng media sa Pilipinas. Ang isang paraan ay ang content-sharing partnerships (CSPs) sa mga lokal na media. Sa pamamagitan ng pagtutuwang na ito, napapadala ng PRC ang kanyang mensahe gamit ang mga tinig ng Pilipinas, na magbibigay sa kanila ng mas mataas na lokal na kredibilidad. Subalit hindi garantiya ang CSPs ng positibong saklaw, at ang lokal na media ay maaaring lumihis mula sa gustong naratibo ng PRC, at nagpapakita ito ng limitado nilang kontrol sa tanawin ng media sa Pilipinas.

Ang pagpapadala ng mga dyornalist para magsanay sa Tsina ay isa pang indirektang paraan para ilapit ang mga Pilipino sa pananaw ng Beijing. Dahil mababa ang sweldo at kaunti ang pinagkukunan ng balita sa Pilipinas, ang ibang mga dyornalist ay mas natutukso na tumanggap ng ganitong impluwensya, pero halu-halo rin ang ebidensya. Ang ibang dyornalist ay bumalik sa Pilipinas na mas may magandang pananaw sa Tsina, pero ang iba nama'y hindi nagbago, o naging mas matalim pa nga, sa kanilang pag-uulat tungkol sa Beijing.

Ginamit din ng Beijing ang mga plataporma sa social media tulad ng TikTok at Facebook, at nagtrabaho kasama ang mga lokal na influencers para ipakalat ang pananaw na kampi sa Tsina at nakatutok sa mas batang madla na mas magaling

sa teknolohiya. Pero nahirapan pa rin ang PRC na ipaabot ang mga mensahe nito sa mga lokal na gumagamit ng social media, marahil dahil sa kaibahan ng kanilang kalinangan at kompetisyon mula sa mga tinig na kritikal sa PRC. Limitado lamang ang tagumpay na naabot ng Tsina para hubugin ang diskurso online.

## Pagkakapareho at Pagkakaiba ng mga Naratibo

Kahit na sinusubukan ng Beijing na hubugin ang naratibo, madalas na ipinakikita ng lokal na media sa Pilipinas ang mga hamon na ayaw pag-usapan ng Beijing, katulad ng mataas na halaga ng mga proyektong nabalam, mga isyu sa pamamahala, at ang epekto sa kalikasan. Ang pagkakaiba na ito'y sumasalamin kung paano inilalarawan ang mga proyekto na pinondohan ng PRC, kung saan ang Beijing ay nakatutok sa mga tagumpay at benepisyo, samantalang ang media naman sa Pilipinas ay binibigyang-diin ang kahirapan sa pagpapatupad ng mga proyektong ito.

Dagdag pa rito, inilalarawan ng Beijing na ang mga proyekto ay inisyatibang lokal, para ituon ang responsibilidad sa mabagal na pagpapatupad nito sa mga lokal na aktor. Pero madalas ay hindi kinakagat ng media sa Pilipinas ang naratibong ito, sa patuloy nitong pagsusuri sa lawak ng kinalaman ng PRC sa mga proyektong ito. Dahil dito, malawak ang pagitan ng paglalarawan ng PRC sa media at ang lokal na pag-uulat dito.

Ang mga CSPs na may lokal na katuwang, tulad ng Manila Times, ay nagdulot ng ilang positibong paglalarawan ng Beijing sa mga elitistang seksyon ng mga pahinang opinyon-editoryal, pero patuloy pa rin ang negatibong paglalarawan sa iba. Pero kahit na may inaning tagumpay, hindi pa rin kumpletong naililihis ng

CSP ang PRC mula sa mga negatibong pag-uulat. Kahit na may balangkas ng CSP, patuloy ang media sa Pilipinas sa kritikal nitong pag-uulat sa mga proyektong suportado ng PRC, at nagpapakita ito ng limitadong impluwensya ng Beijing sa paghubog ng pangkalahatang naratibo.

# 1. Panimula

Malaki ang inilago ng pang-ekonomiyang impluwensya ng Beijing bilang isang kasosyo sa kalakalan at tagapagpondo ng mga proyekto sa imprastraktura sa Pilipinas sa nakaraang dalawampung taon.[2] Sa gitna ng tumataas na mga tensyong heopolitikal at mga hamon sa pagpapatupad ng proyekto, ginamit ng Beijing ang media na pinatatakbo ng estado at nagpalakas ng mga lokal na galamay para itaguyod ang isang positibong naratibo tungkol sa mga benepisyo ng pakikipagkalakalan sa People's Republic of China (PRC). Ang layunin ng pagtatayo ng naratibong ito ay may dalawang aspeto: palakasin ang imahen ng PRC sa mga Pilipino bilang isang pinapaborang kasosyo sa ekonomiya at balansehin ang mga lokal at internasyonal na pagtatasa ng mga panganib mula sa kanyang mga pamumuhunan.

Siyempre, mas madaling pag-usapan ang tungkol sa pagtatayo ng isang naratibo kaysa sa pagsasagawa ito. May higit na kontrol ang Beijing sa mga naratibo—mga pahayag na gusto nitong iparating at mga channel ng distribusyon—kung ihahambing sa mga resulta. Mula noong unang bahagi ng 2000, ginamit ng Beijing ang iba't ibang direkta at di-direktang taktika sa impluwensya ng media para ipakita ang PRC bilang isang matinong kasosyo sa ekonomiya na gustong makipagtulungan sa pag-unlad at kapwa kapakinabangan, pati na rin bilang isang mahalagang manlalaro para maging matatag ang rehiyon. Halo-halo ang mga lokal na tugon sa mga pagbubukas na ito, lalo na sa harap ng nagbabagong sitwasyon sa politika at ang iba't ibang antas ng pagtanggap sa impluwensiya ng PRC sa iba't ibang administrasyon.

[2] Naglaan ang Beijing ng US$9.1 na bilyon sa proyektong pangkaunlaran ng Pilipinas mula 2000 hanggang 2022 (Custer et al., 2024).

Ang tanawin ng media ng Pilipinas ay nagbibigay ng mga pagkakataon at hamon para sa mga pinuno ng PRC para isulong ang kanilang mga layunin. Lumundag ang bilang ng mga Pilipinong may koneksyon sa internet sa mga nakaraang taon, at umabot sa tinatayang 80 porsyento ng mga Pilipino noong 2023.[3] Sinamantala ng Beijing ang pagdami ng mga digital na plataporma para ipakalat ang kanyang mga naratibo na nakatutok sa madla sa paraang mura at madali. Gayunpaman, ang Pilipinas ay hindi monolitiko. Ang wika, kultura, at agwat sa kalakalan ng bayan at lungsod ay nakakaapekto sa pagtanggap ng mga Pilipino sa media. Kinakailangan ng PRC na iangkop ang kanyang mga estratehiya para maabot nang epektibo ang iba't ibang madla.

Ang tagumpay ng mga pagsisikap ng Beijing sa pagbuo ng naratibo ay nakasalalay hindi lamang sa nilalaman na iniaalok sa publiko sa Pilipinas kundi pati na rin sa pagtanggap ng mga kwento at naratibo na ito sa media at diskurso ng Pilipinas. **Nagmumungkahi ito ng tatlong kritikal na mga tanong. Anong mga partikular na naratibo ang ibinebenta ng Beijing tungkol sa kanyang relasyong pang-ekonomiya sa Pilipinas? Gaano katagumpay ang Beijing sa pagpapakalat ng impormasyon sa mga publikong Pilipino, at saang mga channel? At gaano kalawak ang impluwensya ng mga naratibo ng Beijing sa lokal na media at sa diskurso dito?**

Sa pag-aaral na ito, ang AidData, isang laboratoryo ng pananaliksik sa Global Research Institute ng William at Mary, kasama ang Asia Society Philippines, ay sistematikong sinasaliksik ang direktang pagmemensahe ng PRC sa media na pinatatakbo ng estado ng Tsina tungkol sa mga pamumuhunan nito sa imprastraktura. Tinatalakay nito ang mga sabayan at indirektang pagsisikap na

[3] Statista (2024).

magpakalat ng mga mensahe sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga mamamahayag at mga pampublikong diplomasiya na gustong magtaguyod ng mga tinig na kumikiling sa Beijing. Sa wakas, tinatasa ng pag-aaral kung paano nakapasok ang mga paboritong naratibo ng PRC sa pagtalakay ng media sa Pilipinas.

Ang ulat na ito ay bahagi ng mas malawak na layunin sa pananaliksik na gumagamit ng maraming pinagmumulan ng mga datos para suriin ang pamamahagi ng mga pamumuhunan ng PRC, ang mga pampublikong mensahe sa paligid ng mga pamumuhunang iyon, at ang mga resulta nito. Kasama sa mga pangunahing pinagmulan ng mga datos ang mga panayam online ng AidData at Asia Society Philippines sa 12 elitista o pinuno ng industriya sa Pilipinas,[4] bukas na pananaliksik para matunton ang mga bakas ng paa media ng PRC sa Pilipinas, dagdag na impormasyon sa China Global Policy Indicators Dataset (2000-2021) ng AidData, numero mula sa social media na galing sa FanKarma, at pagsusuri ng mga teksto at artikulo na may kinalaman sa malalaking proyektong pang-imprastraktura ng Tsina na nanggaling sa Factiva Dow Jones News at Analysis database sa pagitan ng 2017 at 2023.

Sa ulat na ito, sinasaliksik namin kung paano ginamit ng Beijing ang kanyang aparato sa media para hubugin ang mga naratibo sa mga proyektong pang-kaunlaran nito at ang papel nito bilang isang kasosyo sa ekonomiya ng Pilipinas. Tumutok ang Kabanata 2 sa direktang pagmemensahe ng PRC sa pamamagitan ng pagsusuri sa danas at damdamin ng media nito na pinatatakbo ng estado at sumasaklaw sa mga pamumuhunan sa imprastraktura sa Pilipinas mula 2017

---

[4] AidData, sa suporta ng Asia Society Philippines, ay nagsagawa ng birtwal na panayam noong Hunyo at Hulyo 2024 ng 12 Pilipinong elitista mula na may iba't ibang okupasyon tulad ng media, think tank, akademya, militar, lipunang sibil, at pamahalaan, na marami sa kanila ay may mga tungkulin sa maraming mga domain.

hanggang 2023. Binigyang-pansin naman ng Kabanata 3 ang mga estratehiya ng indirektang pagmemensahe na ginamit ng Beijing—mga CSPs, pagsasanay sa mga mamamahayag, at nilalaman na may sponsor—para ipasok ang mga naratibong kampi sa PRC sa lokal na media ng Pilipinas. Ang Kabanata 4 ay tumutukoy sa pagkakaroon ng koneksyon at kaibahan sa mga ulat na galing sa media ng PRC kung ihahambing sa mas malawakang sitwasyon ng media sa Pilipinas. Sinusuri nito kung paano ginagamit ng Beijing ang media nito para sagutin ang mga negatibong naratibo, o piliin ang sasalungatin nito. Sa bandang dulo, nilalagom ng Kabanata 5 ang mga mahahalagang konklusyon ng ating pananaliksik, at nagbibigay ng mga pananaw kung gaano ka-epektibo ang estratehiya sa media ng Beijing sa Pilipinas at ang implikasyon nito sa hinaharap ng relasyong PRC at Pilipinas.

## 2. Ang Sistema ng Media ng Estado ng Beijing

<u>Mga pangunahing pananaw mula sa kabanatang ito:</u>

- Ang Beijing ay nagtataguyod ng tatlong naratibo tungkol sa pakikilahok nito sa Pilipinas: ang kooperasyon ay kapwa kapakinabangan, ang pag-angat ng Tsina ay hindi maiiwasan, at ang Asya ay para sa mga Asyano.

- Ang mga media ng PRC ay humuhubog ng mga pangkalahatang naratibo ng pamumuhunan tungkol sa mga proyekto sa imprastraktura sa Pilipinas, na binibigyang-diin ang mga benepisyong pang-ekonomiya at binabawasan ang mga hamon.

- Kaunti lamang ang saklaw ng mga media sa PRC na pag-aari ng estado sa mga tiyak na proyekto ng pamumuhunan sa Pilipinas, maliban sa mga pangkalahatang pahayag na nag-uulat ng kanyang tagumpay.

Malawak ang media apparatus ng estado ng Tsina, at ang mga pinuno ng PRC ay makapagpapatupad ng malawak na kontrol sa mga asset na ito.[5] Karamihan sa mga media outlet sa mainland China ay direktang pag-aari ng gobyerno, o labis na kontrolado nito, kung kaya ang media ay tumutugma sa mga opisyal na mandato ng naratibo.[6] Ang malawak na regulasyon ng Beijing sa kanyang media ay nagbibigay-daan dito hindi lamang upang limitahan ang nilalaman na nakikita ng kanyang mga mamamayan, kundi pati na rin upang ipakalat ang mga naratibong kumikiling sa Tsina sa mga banyagang publiko at bawasan ang lakas ng mga kalaban nito.

Ang mga media na pinatatakbo ng estado o naimpluwensiyahan ay isang mahalagang bahagi ng mga pagsisikap ng PRC na magtayo ng naratibo sa Pilipinas, dahil sa kanilang abot, mga mapagkukunan, at kakayahang magsilbing tagapagsalita ng Beijing. Sa kabanatang ito, tinitingnan natin nang mas malapitan kung paano ginamit ng Beijing ang mga direktang paraan ng pagmemensahe para itaguyod ang mga positibong kwento na may kaugnayan sa mga proyekto sa imprastraktura na sinusuportahan ng estado at ang papel nito bilang isang kasosyo sa ekonomiya. Ang Seksyon 2.1 ay nagbibigay ng isang pangkalahatang ideya ng mga media na pag-aari ng PRC o naimpluwensiyahan na may presensya sa Pilipinas at ang kanilang naabot online. Sinusuri naman ng Seksyon 2.2 ang

[5] Tinuturing pinakamababa ang Tsina ng Freedom House at Reporters Without Borders (RSF) sa mapayapang media. Sa 2024 Freedom in the World na report, binigyan ng Freedom House ang Tsina ng 0 puntos mula sa 4 pagdating sa malayang media. (Freedom House, 2024; Component D1: *Are there free and independent media?*). Sumang-ayon dito ang pagtatasa ng RSF, "Ang Tsina (pang-172[mula sa 180 na bansa]), bukod sa pagkulong ng pinakamaraming mamamahayag sa mundo, ay patuloy parin sa mahigpit na kontrol sa mga channel ng impormasyon, nagpapatupad ng mga patakaran sa censorship at surveillance para i-regulate ang online na content at pag higpitan ang pagkalat ng impormasyong itinuturing na sensitibo o salungat sa linya ng partido.

[6] Itinuloy ni Andrzejewski et al. (2023) ang malawakang diskusyon sa regulasyong pangkapaligiran na nagbubuo at nagpapatakbo ng polisiyang pangmedia para sumang-ayon sa Chinese Communist Party (CCP).

nilalaman mula sa isang sample ng media ng PRC para makita ang mga pangkalahatang naratibo na isinusulong ng mga ito at suriin ang kanilang pagtutok sa proyekto ng imprastraktura ng PRC sa Pilipinas.

Kabilang ang Xinhua, People's Daily, at China Central Television (CCTV) sa mga kilalang pahayagan, istasyon ng telebisyon at radyo sa Tsina na may operasyon sa Pilipinas (Tablea 1). Mabigat ang mga media footprint ng PRC sa telebisyon (hal., CCTV 4 at CGTN) at radyo (hal., China Radio International sa Tagalog),[7] at limitado ang sa mga pahayagang iniimprenta. May opisina ng balita ang Xinhua pero wala itong pahayagang iniimprenta. Mayroong imprenta ng Global Edition ng China Daily, pero wala ang lingguhan nitong katapat. Ang lahat ng mga ito'y nagbibigay ng dire-diretsong agos ng impormasyon na nakasunod sa mensaheng pang-diplomatiko ng Beijing at pinalalawak nito ang naaabot ng mga balita sa pamamagitan ng social media at mga website sa online, kasama na ang mga gawain ng mga diplomat ng PRC, lalo na ang mga embahador, sa website ng mga embahada at konsulado.

## Tablea 1. Mga Bakas ng Paa sa Pilipinas ng Media na Pag-aari ng Estado sa PRC

| **Television** | | | | **Print Bureau** | | **Print circulation** | | **Radio** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *CCTV 4* | *CCTV (other)* | *CGTN* | *Xinhua/ CNC* | *Xinhua* | *People's Daily* | *China Daily Global Weekly* | *China Daily Global Edition* | *China Radio International* |
| Yes | No | Yes | No | Yes | No | No | Yes | Yes |

[7] Basahin ang website ng CRI sa wikang Tagalog: https://filipino.cri.cn/.

*Mga Tala: Sinasalamin ng talahanayan na ito ang mga bakas sa paa ng broadcast media na pag-aari ng estado sa Beijing's sa tipo ng kanilang mga channel: (1) telebisyon, (2) opisina ng mga balita, (3) sirkulasyon ng mga pahayagan, at (4) radyo. Ang mga datos na ito ay nagpapakita lamang ng sitwasyon hanggang 2024, at hindi isang direksyon nagpapakita ng kasaysayan. Tinipon ng AidData mula sa iba't ibang pinanggalingan, kabilang na ang mga website ng malalaking istasyon ng telebisyon sa Pilipinas, maging ang sa China Daily, People's Daily, Xinhua, China Daily's Media Profile Reports, at ang World Radio Map.*

## 2.1 Ang Tagapagsalita ng Media ng Estado ng PRC sa Pilipinas

Gumagamit ang Beijing ng ilang channel ng pagmemensahe para direktang maipadala ang nilalaman sa mga manonood sa Pilipinas. Ang ilang mga media outlet, tulad ng China Global Television Network (CGTN) o ang pahayagang China Daily Global Edition, ay partikular na dinisenyo para sa mga banyagang madla, na gumagawa ng nilalaman sa Ingles at iba't ibang wika. Ang iba pang mga outlet ay gumagawa ng nilalaman sa wikang Tsino na, kahit na orihinal na ginawa para sa mga lokal na manonood sa Tsina, ay malamang na isa ring mahalagang mapagkukunan ng impormasyon para sa diaspora ng mga Tsino.

Sa patuloy na pagtaas ng paggamit ng Internet at pagkakaroon ng mga smartphone, mas lalong yumabong ang paggamit ng mga Pilipino sa social media. Ang Facebook ang nananatiling pinakamalawak na plataporma sa Pilipinas, habang ang TikTok ang pumapangalawa at ang Instagram ay kasama sa tatlong pinakasikat. Malakas ang presensya ng PRC sa mga platapormang ito, kung saan ang CCTV, CGTN, China Daily, Xinhua, at People's Daily ay aktibong nakikipag-ugnayan sa mga gumagamit sa buong mundo, na madalas na umaabot sa milyon-milyong tao (Talaan 2).[8] Natuklasan ng isang pag-aaral noong 2019 na sa limang Facebook na pag-aari ng media ng estado ng PRC, 15.1 milyon ang

[8] GWI survey sa ikatlong quarter ng 2023 sa mga 16-64 taong gulang na gumagamit ng internet. Tingnan ang DataReportal, We Are Social, at Meltwatee (2024).

nagmula sa Pilipinas,[9] isang bilang na tiyak na tumaas pa sa nakaraang limang taon.[4] Bagaman ang eksaktong bilang ng mga Pilipinong tagasubaybay ay hindi pampublikong inilalabas, makikita natin na ang PRC ay may presensya sa mga channel na madalas gamitin ng mga Pilipino.

### Tablea 2. Mga Bakas sa Paa ng Social Media ng PRC sa Buong Mundo

| | *Facebook* | *Instagram* | *TikTok* |
|---|---|---|---|
| *CCTV* | 48.9m | 949.7k | n/a[10] |
| *CGTN* | 123.3m | 2.3m | 56.6k |
| *China Daily* | 115.1m | 1.5m | 1.3m |
| *China Xinhua News* | 97m | 1.6m | 38.8k |
| *People's Daily* | 84.8m | 1.3m | 4.5m |

*Pinanggalingan: Fanpage Karma (social media analytics platform), nakuha noong ika-28 ng Agosto, 2024.*

Ayon sa maraming Pilipinong ekspertong nakapanayam, ang mga media ng estado ng PRC tulad ng Xinhua at CGTN ay mahalaga sa paghubog ng mga lokal na naratibo ng media. Positibo ang paglalarawan ng pag-uulat ng mga media ng estado sa PRC ang mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng Tsina at mga inisyatibang diplomatiko, na binibigyang-diin ang mga benepisyong pang-ekonomiya at tagumpay ng pagtutulungan. Ang mga isyu sa pagpapatupad, ang mga hamon sa pamamahala at mga alalahaning pangkalikasan na kaugnay ng

[9] Custer et al. (2019).

[10] Kahit hindi namin nahanap ang TikTok ng CCTV, hindi ito nangangahulugan na wala sila sa espasyong ito. Natunton nina Maker-White at Martin (2023) ang mga TikTok na nauugnay sa CCTV, tulad ng @Pandaorama, @TheOptimist, at @NewsTokss. Ang mga account na ito ay pinamamahalaan ng MediaLinks TV, isang nakarehistrong banyagang ahente na nakabase sa Washington D.C., at may kaugnayan sa CCTV. Tumutulay ito sa mas malaking punto na ang mga account na avatar—na dinisensyo para magmukhang kagalang-galang at walang kinikilingan—ay nagpapakalat ng mga naratibo galing sa PRC na hindi halatang galing sa isang outlet na pag-aari ng estado.

mga malakihang proyektong ito ay madalas na pinapaliit o hindi na binabanggit. Bukod pa rito, inaangkop ng media ng estado ang kanyang mensahe tungkol sa mga sensitibong kaganapan, tulad ng mga sigalot sa South China Sea, para umayon sa mas malawak na mga layunin ng diplomasya, na tinitiyak na sinusuportahan ng naratibo ang mga estratehikong interes ng Beijing.

Ang mga opisyal ng PRC, partikular na ang embahador ng Tsina, ay nag-aalok ng pagkakataon para sa Beijing na bigyang-mukha ang kanilang mga mensahe sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga opinyon sa mga lokal na pahayagan sa Pilipinas. Halimbawa, mula 2016 hanggang 2024, ang Embahador ng PRC sa Pilipinas ay naglathala ng 20 artikulong may opinyon sa tatlong mga pahayagan: ang Manila Times, Manila Bulletin, at Philippine Star.[11] Hindi ito isang mabagal at tuloy-tuloy na proseso. Sa halip, may kapansin-pansing pagtaas sa dalas ng mga opinyon na ito sa loob ng siyam na taon.

Sa mga unang taon, ang embahador ng PRC ay naglathala lamang ng isang opinyon bawat taon (noong 2016 at 2017). Tumaas ito sa tatlo noong 2018 at tumriple sa siyam noong 2021 bago bumaba sa dalawa bawat taon noong 2022, 2023, at 2024.[12] Karaniwang binibigyang-diin ng mga opinyon ng embahador ng PRC ang kooperasyon ng PRC at Pilipinas, at itinatampok ang Tsina bilang isang kaakit-akit na katuwang sa pag-unlad para sa kapakinabangan ng mga Pilipino.

---

[11] Nakumpleto ng AidData ang listahang ito gamit ang isang custom metodolohiya (tingnan ang Teknikal na Apendiks  para sa higit pang detalye). Sinama lang namin ang mga op-ed na kaya naming direktang patunayan bukod na sa pangalawang mapagkukunan. Halimbawa, ayon kanila Han at Elemia (2023), may isang embahador ng PRC na nagsulat ng op-ed sa The Daily Tribune ngunit hindi namin itong napatunayan kaya't hindi ito sinama sa bilang.
[12] Kasama lang sa nakolekta naming data ang bahagi ng taong 2024—hanggang Agosto.

### 2.2 Mensahe ng Media ng PRC sa Pilipinas

Anong mga naratibo ang gustong ipakita ng Beijing tungkol sa mga proyekto nito sa kaunlaran at mas malawak na pakikipagsosyo sa Pilipinas sa pamamagitan ng malawak nitong aparato ng estado sa media? Upang masagot ang tanong na ito, nagsagawa kami ng pagsusuri ng teksto sa isang halimbawa ng mga kwento mula sa media ng PRC na nakatuon sa Pilipinas at isinama ang mga kwalitatibong pananaw mula sa 12 interbyu na isinagawa kasama ang mga Pilipinong eksperto mula sa media, think tank, akademya, militar, lipunang sibil, at pamahalaan.[13] Isinasaalang-alang namin ang dalas ng pagbanggit ng anim na mga media outlet na pinapatakbo at naapektuhan ng estado ng PRC sa Pilipinas[14] at 10 sa mga pinakamahal na mga proyekto sa imprastraktura na pinondohan ng PRC,[15] kasama ang damdamin ng mga ulat na iyon.

#### 2.2.1 Dalas at Damdamin ng Media ng PRC sa Pilipinas

Kung ang dalas ng pagbanggit ay kumakatawan sa interes sa isang partikular na paksa, may mataas na antas ng pagkakaiba-iba sa lawak ng pagtutok ng media

---

[13] Marami sa mga nakapanayam gumaganap ng iba-ibang tungkulin na sumasaklaw sa maraming domain. Ang mga limitasyon sa sample ay nagmumula sa mga kahirapan sa pakikipag-ugnayan sa mga pro-PRC na boses, dahil ilang indibidwal na sa una ay nagpahayag ng interes ay hindi tumuloy o nagkansela sa panayam. Maaaring makaapekto ang mga hamong ito sa pagiging komprehensibo at balanse ng ulat.

[14] Ang anim na outlet na pinagtasa ay: China Daily, Global Times, Macau Daily Times, People's Daily, South China Morning Post, at Xinhua News Agency. Dahil mahigpit ang hawak ng PRC sa media, pati ang mga outlet na hindi hawak ng gobyerno ay sumusunod sa naratibo ng CCP (Andrzejewski et al., 2023).


[15] Ang sampung pinakamahal na proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas ay: paggawa ng tatlong coal-fired power plant na proyekto (Dinginin, Lanao Kauswagan, Mariveles), dalawang linya ng tren (North-South Commuter Railway, Subic-Clark Railway Project), dalawang proyektong may kinalaman sa tubig (Manila Water Company, Kaliwa Dam), dalawang proyektong nakatuon sa telekomunikasyon (Safe City Project, Chelsea Logistics acquisition of 2GO Group), at ang Clark Global City Project.

ng estado ng PRC sa Pilipinas. Malayo sa pagiging pantay na linya, ang pag-uulat ng PRC media na may kaugnayan sa Pilipinas ay malawak na pagkakaiba sa pagitan ng 2017 at 2023 (ang panahon ng aming sample), na may pagtaas ng mga pagbanggit na makikita sa mga partikular na panahon, na maaaring sumasalamin sa mga heopolitikal o pang-ekonomiyang pangyayari sa rehiyon (Tablea 1). Ang media na may internasyonal na tutok tulad ng Xinhua at China Daily ay mas madalas na nag-uulat tungkol sa Pilipinas kaysa sa mga media ng estado sa PRC na may mas lokal na audience. Tumaas ang bilang ng mga artikulo mula 2021 hanggang 2023.

Ang South China Morning Post (SCMP), na pagmamay-ari ng Alibaba, ay nakapagtala ng malaking pagtaas ng mga artikulo tungkol sa Pilipinas sa parehong panahon.[16] Ang SCMP ay isang halimbawa ng media outlet sa Tsina na, bagama't hindi pag-aari ng estado, ay may malaki pa ring impluwensya ng pamahalaan ng PRC kaya't maaasahan na ito ay magpapalakas ng mga naratibo na kampi sa Beijing. Sa paghahambing, ang ibang outlet tulad ng Global Times, Macau Daily Times, at People’s Daily ay nagpapanatili ng mas mababa at mas matatag na antas ng pagsaklaw tungkol sa Pilipinas sa buong panahon. Sa anim na outlet na sinuri, tanging ang SCMP ang nagkaroon ng patas hanggang bahagyang negatibong pagsaklaw sa mga proyekto ng PRC na pinondohan ng Tsina. Ang natitira ay patuloy na nagpahayag ng tagumpay ng mga pamumuhunan na ito.

[16] Noong 2016, ang SCMP ay nabili ng Alibaba, isang Chinese multinational corporation na nakabase sa Hangzhou. Si Jack Ma, na dati nang may malapit na kaugnayan sa Chinese Communist Party,  ay isa sa mga tumatag ng Alibaba. Bumaba na si Ma bilang CEO at pangulo ng Alibaba. Bukod pa roon, pumangit na ang relasyon niya sa Beijing (Nakazawa, 2023).

Pigura 1. Mga Artikulo Tungkol sa Pilipinas sa mga Outlet sa Tsina, 2017-2023




Created with Datawrapper

*Mga Tala: Ang mga graph na ito ay nagpapakita ng taunang bilang ng mga artikulo na nailimbag sa anim na nangungunang outlet sa Tsina na nag-uulat tungkol sa Pilipinas. Kumuha kami ng mga datos mula sa Factiva DNA database, at dahil dito, ang coverage ay nakakiling sa mga*

*pinanggalingan na galing sa Ingles at mga wikang Romance, at walang maraming impormasyon galing sa mga lathalaing Mandarin. Pinanggalingan: Factiva DNA.*

### 2.2.2 Tatlong Mahalagang Naratibo ng Media ng PRC sa Pilipinas

Ang pag-uulat ng estado ng media ng Beijing ay nakasentro sa pagpapalaganap ng tatlong pangunahing naratibo tungkol sa mga proyektong pinondohan ng PRC at ang mas malawak na papel ng Belt and Road Initiative (BRI): (1) kooperasyon kung saan ang dalawang grupo ay nakikinabang, (2) ang hindi maiiwasang pag-unlad ng PRC, at (3) Asya para sa mga Asyano.

Sa pagbibigay-diin sa mga proyektong tulad ng Binondo-Intramuros Friendship Bridge sa Metro Manila, tinutukan ng estado ng media sa PRC kung paanong ang ganitong pamumuhunan ay sumasalamin sa matatag na pagkakaibigan at positibong relasyon ng Maynila at Beijing, sa halip na tumutok sa mga teknikal na detalye. Ang mga tulay na may mga karakter na Tsino na nagsasabing "Philippine-China Friendship Bridge" ay nagpatibay sa naratibong kooperasyon ng dalawang bansa. Ayon sa isang eksperto na nakapanayam, gusto ng estado ng media ng PRC na ipakita ang isang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng maliwanag na larawan ng kooperasyong pang-ekonomiya ng Pilipinas sa Tsina at ang mas mabangis at mas magulong pakikipagsosyo nito sa Estados Unidos, na nakatutok sa seguridad (hal., pagbebenta ng mga armas at iba pang pakikipag-ugnayan na maaaring magdala ng hidwaan sa Beijing).

Ang ikalawang naratibo ay nagbibigay-diin sa hindi maiiwasang pag-angat ng PRC at inilalarawan na walang patutunguhan ang pagtutol sa impluwensya ng Beijing. Hinihikayat ng media ng PRC ang Pilipinas na makipag-ugnayan sa PRC sa isang praktikal na paraan, at ipakita ito bilang isang mahalagang manlalaro sa katatagan at pag-unlad ng rehiyon. Sa kabaligtaran, inilalarawan ng media ng PRC ang Estados Unidos bilang isang pabagsak ng kapangyarihan. Binibigyang-diin ng mga mensahe ng Beijing ang kanilang mga tagumpay sa mga kalapit-bansa tulad ng Cambodia, Laos, Malaysia, at Indonesia para ipakita kung ano ang mawawala sa Pilipinas kung hindi ito magpapatuloy sa pakikipagkalakalan sa PRC. Ang mga proyekto sa mga kalapit-bansa, tulad ng Jakarta-Bandung high-speed railway sa Indonesia at ang Malaysia-China Kuantan Industrial Park sa Malaysia, ay mga mahahalagang imprastraktura na nagpapatibay sa puntong ito.[17]

Ang ikatlong naratibo ay umiikot sa isang pananaw ng Asya para sa mga Asyano. Ipinapakita ng media ng PRC ang Tsina bilang isang mabait na pinuno na nagdadala ng seguridad at kaunlaran sa Asya, bilang kabaligtaran ng Estados Unidos na ipinapakita bilang isang pwersang nagdadala ng destabilisasyon.[18] Halimbawa, madalas na inilalarawan ng Global Times, isang media na pag-aari ng estado ng PRC, ang Pilipinas bilang isang sunud-sunuran lamang sa Estados Unidos. Ayon sa isang nakapanayam, "Ang mga kartun na ito ay nagpapakita na ang mga aksyon ng Estados Unidos ay nagpapalala ng tensyon sa South China Sea." Binibigyang-diin ng mga nakapanayam na gustong ipakita ng PRC media na "[ang Beijing] ay walang kasaysayan ng kolonisasyon" ng ibang bansa, kabaligtaran sa Estados Unidos, na inilalarawan bilang isang nananatiling puwersang kolonyal. Madalas na ipinapakita ng PRC media ang pakikipag-ugnayan sa Estados Unidos at sa Kanluran bilang laban sa Tsina, na nagpapahiwatig na ang mga ganitong alyansa ay pumipigil sa demokrasya at

[17] Busbarat et al. (2023).
[18] Global Times (2023).

espasyo para sa mamamayan sa Pilipinas. Ang ganitong tono ay madalas na sinasalubong ng pagdududa ng lokal na media, lalo na mula sa media na elitista, na mas hindi nagpapakalat ng mga naratibong ito dahil sa mas mataas na mga pamantayang editoryal.


### 2.2.3. Mga Naratibo ng PRC Media Tungkol sa mga Partikular na Pamumuhunan sa Pilipinas

Ang proyekto ng Kaliwa Dam—isang pangunahing inisyatiba ng programang Build! Build! Build! (BBB) ng dating Pangulong Rodrigo Duterte upang "lutasin ang matagal nang problema sa kakulangan ng tubig para sa Metro Manila"[19]—ang pinakamadalas na naitampok na proyekto ng imprastraktura ng mga media na may impluwensya ng PRC sa panahong ito.[20] Pinondohan ng Export-Import Bank of China (Exim Bank) gamit ang preferential buyer's credit na nagkakahalaga ng US$230.19 milyon (halaga ng USD noong 2019), ang Kaliwa Dam ay ipinatupad ng China Energy Engineering Group, na pag-aari ng estado, sa pakikipagtulungan ng Philippine Metropolitan Waterworks and Sewerage System.[21] Ang SCMP at Xinhua ang nagbigay ng pinakamaraming coverage sa Kaliwa Dam (Talaan 2), kung saan binanggit ng SCMP ang proyekto bilang "isang positibong kontra-punto sa tumataas na tensyon sa South China Sea."[22] Ang proyekto ay tinalakay din ng China Daily, People’s Daily, at Global Times, bagama't mas maliit ang saklaw.

---

[19] PNA (2022).
[20] Sinusuri namin ang 10 pangunahing proyekto. Sinaklaw lang ng mga outlet ng PRC ang tatlong ito.
[21] Custer et al. (2023) at Dreher et al. (2022).
[22] Ayon sa bise presidente ng South China Sea Probing Initiative, isanf think tank, noong Abril 2023, “Sa kabila ng pagtatalo sa South China Sea, lumalakas pa rin ang relasyon ng Pilipinas at Tsina sa nakalipas na limang taon," idinagdag ni Yan patukoy sa “hindi bababa sa 40 na programang pangkooperasyon sa Manila”, kasama na rito ang pagtayo ng Kaliwa dam sa hilagang Pilipinas” (Robles, 2023).

Pigura 2. Dalas ng Pagbanggit ng mga Mahahalagang Termino Para Mahanap ang Pilipinas sa PRC Media, 2017-2023




*Mga Tala: Ipinakikita ng graph ang taunang bilang ng mga artikulo na may mahahalagang salita na may kinalaman sa mga partikular na proyektong pangkaunlaran ng PRC at inilathala sa anim na nangungunang mga outlet sa Tsina sa pagitan ng 2017 at 2023. Anim sa siyam na malalaking mga proyekto ay hindi ginawan ng artikulo;*

*samakatuwid, ang bilang lamang para sa tatlong proyekto ang makikita. Para sa mga detalye, Technical Appendix. Pinanggalingan: Factiva DNA.*

Isang US$253.51 milyon na pautang mula sa Bank of China noong 2017 ang naging ikalawang proyekto na nakakuha ng malaking atensyon sa mga balita mula sa mga media na pag-aari at may impluwensya ng estado ng PRC. Ang pautang na ito ay bahagi ng mas malaking US$3 bilyong pakete ng pondo para sa kaunlaran ng Pilipinas na ipinangako ni Pangulong Xi Jinping ng PRC sa pagbisita ni Pangulong Duterte sa Beijing noong Oktubre 2016.[23] Ang partikular na pautang na ito ay nagbigay-daan sa Chelsea Logistics and Infrastructure Holdings Corporation—ang pinakamalaking kumpanya ng mga barko at lohistika sa Pilipinas—na makakuha ng bahagi sa 2GO Group, isang tagapagbigay ng integrated transport solutions.[24] [25] Ang proyekto ng Chelsea Logistics ay natatangi sa pagkakaroon ng coverage mula sa lahat ng anim na outlet ng PRC na pag-aari o may impluwensya ng estado na kasama sa pagsusuring ito.

Isang mahalagang pagkukulang sa coverage ng media ng PRC ay ang proyektong pinondohan ng China Exim Bank na riles ng tren na pinamahalaan ng ngayo'y wala nang North Luzon Railways Corporation (Northrail).[26] Isang pangunahing prayoridad ni dating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo, ang Northrail ay naging paksa ng mainit na debate sa media ng Pilipinas (tingnan ang Kabanata 4) at kalaunan ay kinansela. Ang SCMP lamang ang nagbanggit sa nakanselang proyekto ng Northrail, at nagsabing ang kasalukuyang administrasyon ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ay tumitingin sa Japan para sa mga bagong proyekto ng tren at na inalis ng administrasyon ni Pangulong Benigno Aquino ang


[23] Custer et al. (2023) at Dreher et al. (2022).
[24] Ibid.
[25] Ang Chelsea Logistics ay ang negosyong shipping at logistics ng Udena Corporation na pangunahing kontrolado ni Dennis Uy, isang Pilipinong negosyante at bahagi ng Chinese diaspora–kasama na ang kanyang pamilya (Custer et al., 2024).
[26] Romero (2023).

proyekto dahil sa mga sobrang gastusin.[27] Ang iba pang limang outlet ay hindi nagbigay ng coverage sa proyekto sa pagitan ng 2017 at 2023.

Inilathala din ng SCMP ang mga balita tungkol sa pagsisikap ng China Telecommunications Corporation at Dito Holdings Corporation na makuha ang ikatlong kontrata sa telecoms ng Pilipinas. Lumikha ang dalawang partido ng Mindanao Islamic Telephone Company (Mislatel) bilang isang special-purpose vehicle, na kalaunan ay pinalitan ng pangalan na Dito Telecommunity Corporation. Ang joint venture na ito ay naging ikatlong pinakamalaking korporasyon ng telekomunikasyon sa Pilipinas. Bagama't maikli, matapat na iniulat ng SCMP ang kasunduan ng Mislatel (Dito Telecommunity) sa pamamagitan ng pagkilala sa kontrobersyal na labanan sa legalidad ng kontrata at mga pagtutol mula sa ibang mga bidder. Pinansin din nito ang pagiging malapit nina Pangulong Duterte at Dennis Uy, ang hepe ng Udenna Corporation (katuwang sa Mislatel consortium)—kung saan si Uy ay nagbigay ng ₱31 milyon sa kampanya ng pangulo.[28] Ito ay hindi inulat ng iba pang mga PRC media, pero ang mga sumunod na pamumuhunan ng Beijing sa merkado ng telecom sa Pilipinas ay iniulat ng Xinhua, China Daily, at Global Times.[29]

[27] South China Morning Post (2022).
[28] Robles (2018).
[29] AidData (n.d.).


Pigura 3. Bilang ng mga Positibong Artikulo na Nailimbag ng PRC Media sa mga Proyektong Pangkaunlaran sa Pilipinas na Pinondohan ng PRC, 2017-2023




*Mga Tala: Ipinakikita ng graph ang taunang porsyento ng mga artikulo na may positibong ulat bilang bahagi ng lahat ng mga artikulo na may mahahalagang salitang konektado sa mga*

*proyektong pangkaunlaran sa Pilipinas na pinondohan ng PRC sa pagitan ng 2017 at 2023. Ang positivity share ay nakuha base sa pinaghalong damdamin para sa lahat ng mga termino sa artikulo. Samakatuwid, kaunti lamang ang ang mga artikulo na may dalisay na "negatibo" o "positibo," pero ito ay ginawang isang weighted sum. Para sa mga detalye, tingnan ang Technical Appendix. Software: Bing sentiment lexicon (Minqing and Bing, 2004); 'quanteda' R package (Benoit et al., 2018). Pinanggalingan: Factiva DNA, kalkulasyon ng AidData.*

Pigura 4. Bilang ng mga Positibong Artikulo na Inilimbag ng SCMP na Kaugnay sa mga Pangkaunlarang Proyekto ng PRC sa Pilipinas, 2018-2023




*Mga Tala: Ipinakikita ng graph ang average na taunang porsyento ng mga artikulo na may positibong damdamin bilang bahagi ng lahat ng mga artikulo na may mahahalagang salitang konektado sa mga proyektong pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas na nailimbag sa South China Morning Post sa pagitan ng 2018 at 2023. Ang positivity share ay galing sa naipong sentimyento para sa lahat ng mga mahahalagang termino sa isang artikulo. Samakatwid, kaunti lamang ang mga artikulo na dalisay na "negatibo" o "positibo" at sa halip ay isa itong weighted sum. Para sa mga detalye, tingnan ang Technical Appendix. Software: Bing sentiment lexicon (Minqing and Bing, 2004); 'quanteda' R package (Benoit et al., 2018). Pinanggalingan: Factiva DNA, kalkulasyon ng AidData.*

## 3. Impluwensya ng Hindi Direktang Pagmemensahe ng Beijing sa Media

**Mahahalagang pananaw mula sa kabanatang ito:**

- May mga limitasyon sa kakayahan ng Beijing na kontrolin ang naratibo: ang mga pakikipagsosyo nito sa pagbabahagi ng nilalaman sa mga media outlet sa Pilipinas ay hindi garantiya ng positibong coverage.
- Mababa ang sahod at kulang sa mga mapagkukunan, kaya maaaring mas madaling hikayatin ang mga mamamahayag ng Pilipinas sa harap ng mga taktika ng impluwensya mula sa PRC, ngunit may halong ebidensya tungkol dito.
- Nahihirapan ang mensahe ng PRC sa social media na makakuha ng simpatiya mula sa lokal na madla dahil sa limitadong kaalaman sa kultura at sa kompetisyon mula sa mga nilalaman na kritikal sa PRC.

Ang mga media na pag-aari at may impluwensya ng estado ng PRC ay maaaring mag-alok ng pinaka-direktang paraan para maabot ang mga Pilipino nang walang panggitnang tagapamagitan; gayunpaman, hindi ito gumagana sa isang vacuum. Nadagdagan ng Beijing ang direktang pagmemensahe ng hindi direktang mga taktika para magtanim ng mga simpatiyang tinig sa Pilipinas at gamitin ang mga channel sa distribusyon para palakasin ang mga naratibong gusto nito, at madalas na hindi direktang binabanggit ang orihinal na pinagmulan. Ang mga naratibong kampi sa Tsina mula sa mga pinagkakatiwalaang lokal na pinagmulan sa Pilipinas ay mas malamang na maiwasan ang matinding pagsusuri kaysa sa isang opisyal na outlet ng PRC, at ang mga bagong teknolohiya ay nagbibigay-daan sa mga aktor ng PRC na makuha at makipag-ugnayan sa mga bago at mas batang madla.

Sa kabanatang ito, mas malalim nating tatalakayin ang tatlong kasangkapan ng hindi direktang impluwensya: mga kasunduan sa pagbabahagi ng nilalaman sa pagitan ng mga media outlet ng PRC at Pilipinas, mga pagsasanay na pinopondohan ng PRC para sa mga mamamahayag ng Pilipinas, at ang paggamit

ng PRC ng mga taktika ng impluwensya sa social media. Para sa bawat isa sa mga ito, susuriin natin kung sino ang mga kasosyo ng Beijing para sa hindi direktang pagmemensahe, paano nito ginagamit ang mga kasunduan, pagsasanay, at mga teknolohiyang kasangkapan upang isulong ang mga naratibo nito, at alin sa mga naratibong ito ang gusto nitong itampok o itago.

### 3.1 Mga Pakikipagsosyo sa Pagbabahagi ng Nilalaman sa Media ng Pilipinas

Sa pagitan ng 2000 at 2023, nagkaroon ang mga media outlet ng PRC ng labindalawang kasunduan sa pagbabahagi ng nilalaman CSPs sa mga katapat na outlet sa Pilipinas (Tablea 3).[30] Ang mga kasunduang CSP ay isang makapangyarihang kasangkapan ng Beijing para mabigyan ng lokal na mukha ang mga mensahe nito: maaaring muling ilathala at ibahagi ng mga media outlet ng Pilipinas ang nilalaman mula sa mga media outlet ng PRC sa ilalim ng kanilang pangalan, pati na rin magdagdag ng bagong nilalaman.[31] Ang mga CSP ay isang potensyal na makapangyarihang daluyan para sa Beijing para magamit ang mga lokal na media outlet at ipakalat ang mga naratibong gusto nito, gamit ang mga nilalaman na ginawa ng mga media outlet ng PRC pero hindi kailangang sabihin ang orihinal na pinagmulan. Ang paggamit ng mga lokal na outlet para palakasin ang mga estratehikong mensahe mula sa PRC ay maaaring makatulong na makakuha ng mas malaking kredibilidad at mas kaunting pagsusuri mula sa mga madla sa Pilipinas.[32]

---

[30] May CSP ang Sonshine Media Network International (SMNI) at CGTN (Crisostomo, 2023) noon, ngunit wala na itong lisensya para mag-brodkast sa Pilipinas (Mendoza, 2024) kaya hindi ito kasama sa listahan. Binanggit ng dalawang nakapanayam ang organisasyong ito ng media bilang regular na umaalingawngaw sa mga salaysay na pro-PRC.

[31] Ayon sa ilang eksperto, hindi maaring maging pagmamay-ari ang lokal na media sa Pilipinas dahil nakasulat sa Artikulo XVI, Seksyon 11 ng Konstitusyon ng Pilipinas, na "Ang pagmamay-ari at pamamahala ng mass media ay dapat na limitado lamang sa mga mamamayan ng Pilipinas, o sa mga korporasyon, mga kooperatiba, o mga asosasyong ganap na ari at pinamamahalaan ng gayong mga mamamayan," kahit na may patuloy na pagsisikap na baguhin ang probisyong ito (Porcalla, 2023).

[32] Custer et al. (2019).

Ang mga kasosyo sa Pilipinas ay nag-iiba mula sa mga pahayagang may limitadong distribusyon hanggang sa mga outlet na may pambansang sirkulasyon. Ang mas maliliit na kasosyo ay karaniwang mga pahayagang nakasulat sa wikang Tsino, tulad ng Philippine Chinese Daily at United News, na tumutugon sa diaspora ng mga Pilipinong Intsik. Nakipagkasundo ang Beijing sa mga pangunahing media outlet ng Pilipinas tulad ng Manila Times at Philippine Daily Inquirer, na may mas malawak na sirkulasyon sa mga mambabasang nagsasalita ng Ingles sa buong bansa. Ang mga media outlet ng PRC tulad ng Xinhua at China Radio International ay nakipagkasundo naman sa Philippine News Agency (PNA), na pag-aari ng estado ng Pilipinas.

## Tablea 3. Content-Sharing Partnerships ng Beijing sa Pilipinas

| Name | Description | Medium | Language | PRC Partnered Media |
|---|---|---|---|---|
| ASEAN Chinese Business Online | China News Service | Print | Chinese | China News Service since 2017 |
| Business Daily (Chinese Commercial News) | Daily broadsheet newspaper written in Chinese, the Philippines' oldest existing Chinese-language newspaper. | Online | Chinese language | People's Daily since 2016 |
| Eagle Broadcasting Corporation | A Filipino media company involved in television and radio broadcasting in the Philippines and internationally. | TV/Radio | English/ Tagalog | China Radio International since 2008 |
| Manila Times | Oldest English-language newspaper in the Philippines. | Print | English | Xinhua, no date available |
| Philippine Chinese Daily | Daily broadsheet newspaper written in Chinese. | Print | Chinese | People's Daily and China News Service since 2016 |
| Philippine Daily Inquirer | Official news website of the English language newspaper, the Philippine Daily Inquirer. Regularly publishes content from China Daily and participates in the Asia News Network. | Print | English | China Daily, no date available |
| Philippines News Agency | The official news agency of the Government of the Philippines. PNA is under the supervision of the Presidential Communications Operations Office via the News and Information Bureau. | Online Agency | English | Xinhua; China Radio International (CRI), no date available |
| People's Television Network (PTV News) | The flagship broadcasting agency of the Philippines Government. PTV is under the supervision of the Presidential Communications Office. PTV began simulcasting programs from CGTN in 2017. | TV | English | CCTV, no date available |
| Radyo Pilipinas (RP1) | Filipino and English-language radio station owned by the Presidential Broadcast Service, under the supervision of the Presidential Communications Office. | Radio | Tagalog | China Radio International (CRI) since 2017 |

| Name | Description | Medium | Language | PRC Partnered Media |
|---|---|---|---|---|
| United News | English-language edition of the United Daily News, the Philippines' second-largest Chinese-language newspaper | Print | English | People's Daily since 2016 |
| World News | Chinese-language daily broadsheet in the Philippines. It is the largest Chinese-language newspaper in the Philippines. | Print | Chinese | China News Service since 2016 |

*Mga Tala: Pumirma ang Philippines News Agency ng dalawang kasunduan sa mga grupo galing sa PRC. Ang content-sharing partnership ay mga pormal at pirmadong kasunduan sa pagitan ng media na pag-aari ng PRC at isang outlet sa Pilipinas. Isinama lang namin ang mga outlet kung saan maaari naming makuha ang impormasyon sa mga outlet mismo. Para sa dagdag na kaalaman, tingnan ang Technical Appendix. Pinanggalingan: AidData.*

Ayon sa mga Pilipinong eksperto na nakapanayam, ang mga kasosyo ng PRC sa pagbabahagi ng nilalaman ay nakaimpluwensya sa mga lokal na naratibo ng media sa pamamagitan ng pagtutok sa mga positibong aspeto ng pakikilahok ng PRC habang iniiwasan ang mga kontrobersyal na paksa. Ginagamit ng Beijing ang mga pagtutol at mga nilalamang may bayad para proaktibong tugunan o kontrahin ang mga negatibong ulat ng media, na lalo pang hinuhubog ang kalakaran ng media pabor sa mga layunin ng PRC. Tulad ng tinalakay sa mga seksyon 3.2 at 3.3, ang PRC ay nakikibahagi rin sa mga lokal na personalidad sa media at mga influencer sa pamamagitan ng mga libreng biyahe o mga programang pagsasanay para palakasin ang mga naratibo na gusto nitong isulong.

Gayunpaman, maaaring may limitasyon ang kakayahan ng Beijing na hubugin ang mga naratibo sa lokal na media sa Pilipinas.[9] Inamin ng mga kapanayam na ang pampublikong pananaw sa PRC ay patuloy na may kasamang pagdududa at paglaban, at ang nagpapatuloy na mga alitan sa South China Sea ay lalo pang nagpapahirap sa mga pagsisikap ng PRC na iparating ang kanilang mga mensahe.[33] Halimbawa, ang seksyong "China Window" sa The Philippine Star ay nakatanggap ng batikos dahil sa labis na pag-aanunsyo, na nagpapakita ng agwat sa pagitan ng pagtulak ng PRC sa media at ng mas malawak na opinyon ng publiko. Kaugnay nito, ang mga pagsisikap ng Beijing na targetin ang populasyong Muslim sa Mindanao gamit ang mga anunsyo sa mga pangunahing pahayagan ay nakatanggap ng kritisismo mula sa mga mambabasa na nag-aalala tungkol sa impluwensya ng mga banyaga.

Magkakaiba ang opinyon ng mga kapanayam tungkol sa antas ng rehiyonalisasyon na makikita sa direktang estratehiya ng PRC sa media. May ilang eksperto na nagsasabing ang direktang media ng PRC ay nakasentro sa Maynila, at kulang sa sopistikasyon ang estratehiya nito sa mga rehiyon. Gayunpaman, sinabi rin ng ibang eksperto na sa nakaraang dalawang dekada, umunlad na ang pamamaraan ng Beijing at mas inaayon na ngayon ang mga mensahe sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas. Sa Ilocos Norte, ang probinsya ni Pangulong Marcos, nananatiling mas positibo ang lokal na damdamin sa mga pamumuhunan at proyekto ng PRC, na kabaligtaran ng mas kritikal na damdaming pambansa. Ang mga pahayag tungkol sa South China Sea na ginawa sa Iloilo, na naaayon sa nais na naratibo ng Beijing, ay mas kaunti ang natanggap na lokal na kritisismo.[34]

### 3.1.1 Paglalathala ng Media ng Pilipinas tungkol sa PRC sa mga Outlet na may CSP

Sa limitadong bilang ng mga kasunduan sa pagbabahagi ng nilalaman CSP, may potensyal ang Beijing na makaimpluwensya sa malawak na saklaw ng mga ulat kaugnay ng PRC at mga pamumuhunan nito sa kaunlaran sa Pilipinas. Gamit ang Factiva Dow Jones News at Analysis database, sinuri namin ang dalas at damdamin ng mga balita mula sa walong media outlet sa Pilipinas kaugnay ng ilang mga mahahalagang salita tungkol sa pamahalaan ng PRC at mga partikular na proyekto ng kaunlaran na pinondohan ng Beijing. Tatlo sa mga media outlet sa Pilipinas—ang Philippine Daily Inquirer, Manila Times, at Philippine News Agency—ay may mga kilalang CSP sa mga media outlet ng PRC; ang natitirang lima ay wala.

Mula Enero 2017 hanggang Disyembre 2023, ang walong media outlet ay naglathala ng 61,452 na artikulong tumutugma sa isa o higit pang mga mahahalagang salita na may kaugnayan sa pamahalaan ng PRC o mga partikular na proyekto ng imprastraktura. Ang tatlong outlet na may CSP ay naglathala ng halos isang-katlo ng mga artikulong ito (tingnan ang Tablea 4) sa kabuuan; gayunpaman, ang bahagi ng saklaw na ito ay may malaking pagbabago sa loob ng pitong taon. Sa unang bahagi ng 2020, ang tatlong outlet na may CSP ay naging pangunahing tinig sa paghubog ng mga unang naratibo tungkol sa pandemya ng COVID-19, habang ang bahagi ng mga nilalaman na nakatuon sa PRC na kanilang inilathala ay tumaas sa mahigit 40 porsyento (Tingnan ang Pigura 5). Maaaring nagpapahiwatig ito na ang mga CSP ay mas mahalaga pa sa PRC sa

[33] Sumasalamin sa trend na ito ang panibagong polling data ng Social Weather Stations (2024), ipinapakita na bumababa ang tiwala ng mga Pilipino sa PRC. Bumaba ng humigit-kumulang 50 puntos mula +10 noong 2016 hanggang -40 noong 2023 (+100 hanggang -100 na sukat).

[34] Vidal (2024).


konteksto ng krisis, dahil ginagamit ng Beijing ang mga ugnayang ito para palawakin ang pagpapakalat ng positibong mga balita.

## Tablea 4. Bilang ng mga Artikulo Tungkol sa PRC at mga Proyektong Pangkaunlaran na Nailathala ng Walong Outlet ng Media ng Pilipinas, 2017-2023

| Source | Total Articles about PRC, 2017-2023 | PRC Project Articles, 17-23 | % of articles covering PRC Projects |
|---|---|---|---|
| Philippine Daily Inquirer* | 11,441 | 311 | 3 percent |
| Manila Bulletin | 14,851 | 258 | 2 percent |
| BusinessWorld | 6,368 | 246 | 4 percent |
| The Philippine Star | 7,208 | 237 | 3 percent |
| Manila Standard | 6,766 | 169 | 2 percent |
| Business Mirror | 6,380 | 150 | 2 percent |
| The Manila Times* | 3,952 | 122 | 3 percent |
| PNA (Philippines News Agency)* | 4,486 | 73 | 2 percent |
| **Total** | **61,452** | **1,566** | **3 percent** |

*Mga Tala: Ipinakikita ng talahanayan na ito ang bilang mga mga artikulo tungkol sa PRC na nailathala sa walong outlet ng media sa Pilipinas sa pagitan ng Enero 2017 at Disyembre 2023. May asterisko ang isang outlet na may kilalang content-sharing partnership sa PRC. Pinanggalingan: Factiva DNA, AidData Analysis.*

Pigura 5. Bilang ng mga Kuwento na Nakatutok sa PRC at Ginawa ng mga Outlet na may Content-Sharing Partnership, 2017-2023





*Mga Tala: Ipinakikita ng chart na ito ang porsyento ng mga artikulo tungkol sa PRC sa mga outlet na may content-sharing partnerships sa PRC bilang bahagi ng mga artikulong nailathala sa walong mga outlet sa parehong panahon mula Enero 2017 hanggang Disyembre 2023. Pinanggalingan: Factiva DNA, kalkulasyon ng AidData.*

Hindi nangangahulugan na ang kasunduang maging magkatuwang sa content sharing ay garantiya na may coverage ang Beijing mula sa mga katuwang nito sa Pilipinas. Noong 2020, halimbawa, lumala ang damdamin ng coverage tungkol sa PRC sa lahat ng mga sinuring sample. Ang isa sa mga katuwang sa CSP ng Beijing, ang Philippine Daily Inquirer, ay naglathala ng mga artikulong negatibo sa panahong ito, kasama ng Manila Standard, na walang kasunduan sa PRC. Sa kabilang banda, ang BusinessMirror at Manila Bulletin ay naglathala ng pinakamaraming mga artikulo tungkol sa PRC noong 2020. Ang PNA, na isang

katuwang sa content-sharing ng Beijing, kasabay ng BusinessMirror, ang may pinakamadalas na positibong coverage sa loob ng pitong taon (Pigura 6).[35]

[35]Sa halos buong panahong ito, ang PNA ay nasa ilalim ni Pangulong Duterte, na ang panunungkulan ay kinakitaan ng magandangrelasyon sa Tsina. Nagkaroon rin ng magandang Tsina-Pilipinas na relasyon ang mga unang taon ng administrasyon ni President Marcos Jr., ngunit pumangit na ang relasyon nito.

Pigura 6. Porsyento ng mga Positibong Kwento Tungkol sa PRC Bilang Bahagi ng Lahat ng mga Artikulo na Nailathala ng mga Outlet, 2017-2023




*Mga Tala: Ang graph na ito'y nagpapakita ng taunang mga artikulo na positibo tungkol sa PRC sa walong media outlet sa Pilipinas sa pagitan ng Enero 2017 hanggang Disyembre 2023. Ang positivity share is nakalkula base sa naipong sentimyento mula sa lahat ng mahahalagang salita sa isang artikulo; kaya kaunti lamang ang artikulo na purong "negatibo" o purong "positibo" kundi*

*isang weighted sum. Para sa mga detalye, tingnan ang , Technical Appendix. Software: Bing sentiment lexicon (Minqing and Bing, 2004); 'quanteda' R package (Benoit et al., 2018). Pinanggalingan: Factiva DNA, kalkulasyon ng AidData.*

Ang mga ulat mula sa walong media outlet ng Pilipinas ay halos eksklusibong tumutok sa mas malawak na paksa ng ugnayan ng PRC-Pilipinas (97 porsyento ng mga artikulo) kaysa sa mga indibidwal na proyekto ng pamumuhunan (3 porsyento ng mga artikulo). Ang trend na ito ay pare-pareho sa lahat ng mga outlet, kahit may CSP sila sa isang PRC outlet o wala. Ang Manila Times at PNA, na parehong may CSP, ay may pinakamaliit na bilang ng mga artikulo kaugnay ng 10 pinakamalaking proyektong pangkaunlaran ng PRC kumpara sa ibang mga pinagkukunan.

Kinumpirma ng mga Pilipinong eksperto na medyo limitado ang pag-uulat tungkol sa mga pamumuhunan ng PRC sa buong Pilipinas. Karamihan sa mga lokal na balita tungkol sa China ay tungkol sa mga isyu ng seguridad, partikular sa mga alitan sa South China Sea, at mga kontrobersiya kaugnay ng Philippine Offshore Gaming Operators (POGOs), na tinututulan ng PRC.[36] Kasama rin sa mga isyung ito ang mga usapin sa karapatang pantao, tulad ng human trafficking, pagsasamantala, at sapilitang paggawa. Sa kabilang banda, ang mga pamumuhunan ng PRC sa imprastraktura ay kulang sa coverage sa media ng Pilipinas kumpara sa dami ng pondong inilaan ng Beijing sa bansa sa loob ng nakaraang dalawang dekada.

Kahit na kapag tinatalakay ng media ng Pilipinas ang mga pamumuhunan ng Beijing sa kaunlaran, ang mga kwento ay hindi palaging nakakatulong sa


[36] Punongbayan (2024).

pagsulong ng mga gustong naratibo ng PRC. Binanggit ng mga Pilipinong eksperto na ang mga outlet sa Pilipinas ay sumasaklaw sa mga kritikal na pananaw sa pagpapatupad ng proyekto, kasing dalas ng mga positibong mga balita tulad ng pagpapasinaya ng isang proyekto at paggupit ng mga laso. Ang puntong ito ay pinagtibay ng pagsusuri ng mga nilalaman ng mga ulat mula sa walong outlet ng Pilipinas.

Ang Philippine Daily Inquirer ay isang pangunahing halimbawa ng limitasyon ng PRC sa paggamit ng CSP para patahimikin ang mga kritisismo at ilayo ang atensyon mula sa mga kontrobersiya. Ang Inquirer ang may pinakamataas na bilang ng mga kwento tungkol sa malaking proyekto ng imprastraktura ng Beijing, pero ang mga kwentong ito ay bahagyang positibo lamang sa pinakamahusay na interpretasyon (Tingnan ang Pigura 7). Hindi napigilan ang Inquirer ng kasunduan nito sa pagbabahagi ng nilalaman sa China Daily na magpatuloy sa pag-uulat tungkol sa mga problema ng Northrail project. Gayundin, hindi rin ito sumunod sa opisyal na linya ng PRC na ang Kaliwa Dam ay ang "hiyas" ng pagtutulungan ng PRC at Pilipinas. Sa halip, naglabas ang Inquirer ng matitinding artikulo tungkol sa mga isyung pangkapaligiran at paglipat ng mga pamayanan kaugnay ng proyekto.[37] Ipinakikita ng coverage ng Inquirer ang balanseng interes at pagdududa sa mga puntos na itinutulak ng Beijing.

[37] Lalu (2022)

Pigura 7. Positivity share mula Philippine Daily Inquirer, 2017-2023




Created with Datawrapper

*Mga Tala: Ipinakikita ng graph ang average na taunang bilang ng mga positibong artikulo na may mahahalagang salita na may kaugnayan sa siyam na mga proyektong pangkaunlaran ng PRC at inilathala sa Philippine Daily Inquirer sa pagitan ng 2017 at 2023. Ang positivity share ay nakalkula base sa inipong sentimyento sa lahat ng mga mahahalagang salita sa artikulo; samakatuwid, walang purong "negatibo" o purong "positibo" kundi weighted sum. Para sa mga detalye, tingnan ang Technical Appendix.*

*Software: Bing sentiment lexicon (Minqing and Bing, 2004); 'quanteda' R package (Benoit et al., 2018). Pinanggalingan: Factiva DNA, kalkulasyon ng AidData.*

Ang uri ng kasunduan sa pagbabahagi ng nilalaman ng Beijing at ng lokal na media outlet ay maaaring isa sa mga dahilan kung bakit may pagkakaiba sa coverage. Ayon sa isang pag-aaral noong 2020 ng International Federation of Journalists, natuklasan na ang embahada ng PRC ay nagkaroon ng malapit na ugnayan sa Manila Times at Manila Bulletin, na madalas na iniimbitahan sa mga kaganapan at tinutukan ang kanilang mga tauhan para sa mga programang pagsasanay ng mamamahayag.[38] Ang Inquirer, na miyembro ng Asia News Network kasama ang China Daily, ay regular na naglalathala ng nilalaman mula sa China Daily.[39] Sa paghahambing, pinanatili ng Inquirer ang mas mataas na antas ng kalayaan sa editoryal kung ihahambing sa ibang mga media outlet. Dahil sa hindi malinaw na likas ng mga CSP, kailangan pa ang masusing pag-aaral para suriin nang malapitan ang mga uri ng kasunduan kung saan mas pinakikialaman ng Beijing ang nilalaman.

### 3.2 Pagsasanay ng mga Pilipinong Mamamahayag sa China

Madalas na ang mga indibidwal na mamamahayag ang may kapangyarihan sa paghubog ng nilalaman tungkol sa pakikipag-ugnayan ng PRC sa Pilipinas. Hindi nakaligtas sa Beijing ang katotohanang ito, kaya marahil ito ang nagtutulak sa PRC na magpatupad ng mga programang pagsasanay para sa mga Pilipinong mamamahayag at mga propesyonal sa komunikasyon sa China. Dahil sa limitasyon ng datos, mahirap masukat ang dalas ng pagsasanay at bilang ng mga mamamahayag na lumahok. Sa halip, tinipon sa bahaging ito ang mga pananaw mula sa mga panayam sa eksperto ng Pilipinas, mga mapagkukunan ng

[38] Lim at Bergin (2020).

[39] Han at Elemia (2023).

impormasyon, at sa Factiva Dow Jones News at Analysis database para bumuo ng isang kwalitatibong larawan ng mga pagsasanay na ito, kabilang kung sino ang lumahok, ano ang ginawa nila roon, at ano ang nakukuha ng PRC mula sa mga pagsisikap na ito.

Ang mga kalahok sa mga pagsasanay na pinondohan ng PRC ay maaaring mula sa mga news outlet na bahagi ng pamahalaan (hal., Philippine News Agency, People's Television Network) at mga ahensya (hal., Presidential Communications Operations Office at Philippine Information Agency). Gayunpaman, kilala ring lumalahok ang mga mamamahayag mula sa mga pribadong media outlet tulad ng Manila Bulletin, Philippine Star, at BusinessMirror na isa mga pagsasanay na ito.

Dahil sa rehiyonal na pagkakaiba-iba ng merkado ng media sa Pilipinas, isinama ng Beijing sa mga pagsasanay nito ang mga mamamahayag mula sa mga probinsya at lokal na media outlet na nasa labas ng National Capital Region upang makapag-ugnay sa mas malawak na hanay ng mga propesyonal sa media ng Pilipinas. [40]Sa aming pangkalahatang pagsasaliksik (tingnan ang Technical Appendix), natuklasan namin na mas kaunti ang pansin na ibinibigay ng PRC sa mga social media influencer sa mga pagsasanay na ito, na tila nakatutok pa rin sila sa tradisyonal na media. Gayunpaman, dahil sa malawakang paggamit ng social media sa Pilipinas, maaaring itulak ang PRC na mas aktibong makipag-ugnayan sa mga influencer sa kanilang mga programang pagsasanay sa hinaharap. Isang kapanayam ang nagsabi, "Ang larangan ng labanan ay hindi sa tradisyonal na media, kundi social media; influencers ang mahalaga." Pero idinagdag nila, "Ang mga social influencer ay kumukuha ng impormasyon mula sa tradisyunal na media—kaya mahalaga pa rin ang [tradisyonal na media]."

[40] Garcia (2023).

### 3.2.1 Pagtatasa sa mga Pagsasanay at Pagbisita na Inisponsoran ng PRC

Ang mga pagsasanay ng dyornalist na inisponsor ng PRC ay maaaring tumagal mula ilang araw hanggang ilang buwan. Ang mga programang ito'y maaaring eksklusibo para sa Pilipinas, o may kasamang mga mamamahayag sa iba pang panig ng mundo. Ang China Asia Pacific Press Center (CAPPC) at ang China Public Diplomacy Association (CPDA) ang nagsilbing host sa ilan sa mga ambisyosong programa na ito para sa mga dyornalist.

Noong 2023, halimbawa, ang CAPPC ay nag-host ng mahigit 60 mamamahayag mula sa 51 bansa, kabilang ang Pilipinas, para sa isang apat-na-buwang exchange program na may mga pagsasanay sa mga mamamahayag tungkol sa pag-cover ng mga pangunahing balita sa Tsina, pagkakaroon ng mga media internship, at pakikibahagi sa mga karanasang pangkultura.[41] Bukod dito, ang CPDA ay nagsasagawa ng taunang palitan mula pa noong 2014 para palakasin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga mamamahayag sa China at ibang rehiyon.[42] Para mas mapalawak ang kanilang kaalaman tungkol sa China, ang mga mamamahayag na kalahok sa CPDA program ay dumadalo sa mga lektyur tungkol sa politika, ekonomiya, kultura, at wika ng China.[43]

Ang mga pagsasanay sa mamamahayag na pinopondohan ng PRC ay madalas na ipinapakita bilang tulong upang makakuha ng mga bagong teknikal na kasanayan, lalo na sa mga bagong teknolohiya sa media at pagpapakilala na rin sa mga gawi ng Tsinong media. Isang halimbawa ay ang 10-araw na workshop na inorganisa ng Communication University of China (CUC) at Renmin University

[41] Agoot (2023).

[42] Abdi (2024) at The Analyst News (2022).

[43] Noong 2024, tinatayang 100 mamamahayag mula sa mahigit 90 bansa ang lumahok sa exchange program (Abdi, 2024).

noong Setyembre 2016. Nakatuon ang pagsasanay sa 21 ehekutibo ng media at mamamahayag mula sa apat na bansa sa Timog-Silangang Asya, kabilang ang Pilipinas. Ibinida ng China Daily ang karanasan ng isang kalahok mula sa Myanmar na nakakuha ng mga kaugnay na kasanayan sa pag layout ng sahig, temperatura ng ilaw, at paggamit ng software para suportahan ang kanyang bagong digital studio.[44]

Ang pagpapalakas ng mga ugnayan sa mga bansa sa pamamagitan ng networking ng mga rehiyonal na organisasyon ay isa pang aspeto ng mga pagsasanay na pinopondohan ng PRC. Ang Belt and Road News Network (BRNN) ay isang platapormang online na inilunsad ng People's Daily, isang media outlet na pag-aari ng estado ng PRC, na nakatuon sa mga kwento na may kaugnayan dito. Noong Abril 2019, ang unang miting nito sa Beijing ay nagsama ng mahigit 30 organisasyong pang-media mula sa iba't ibang kontinente para talakayin ang kooperasyon lagpas sa mga border at tapusin ang plano nito para sa 2019-2020.[45] Sa mga pang-rehiyonal na mga forum na ito, itinataguyod ng PRC ang mga paksa tulad ng “dyornalismong sosyalista na may katangiang Intsik” at ang BRI.

Kasama rin sa mga palitan ng mga mamamahayag ang pagbisita sa mga organisasyong pang-media ng China at mga atraksyong pangkultura. Halimbawa, ang Chinese National Radio and Television Administration (NRTA) ay nag-host ng dalawang-linggong pagsasanay sa Tsina noong 2023, kung saan dumalo ang mga mamamahayag, blogger, social media influencer, at mga opisyal ng gobyerno mula sa Maynila at Davao sa mga seminar at pagbisita sa mga opisina ng media, at pagdalaw sa mga pamanang pangkultura. Ang pagsasanay ay naganap sa Beijing at Nanning (isang sister city ng Davao City).[46] Sinabi ni Yan Ni, Deputy Director ng NRTA, sa mga kalahok na layunin ng pagsasanay na “palalimin ang

[44] Yuan and Zhang (2016).
[45] Crismundo (2019).
[46] Garcia (2023).

ating pagkakaibigan [at] tulungan ang mga kalahok na mas maunawaan ang China… para makahanap tayo ng mas maraming kooperasyon at oportunidad sa hinaharap."[47]

Sa parehong taon, inilarawan ng isang mamamahayag mula sa Manila Bulletin ang isang 11-araw na pagbisita sa China, na kasama ang pagdalaw sa mga makasaysayang lugar tulad ng Great Wall at Forbidden City sa Beijing, ang Terracotta Warriors sa Xi'an, at mga modernong teknolohikal na hub tulad ng Apollo Park ng Baidu at Research Center ng Huawei sa Shanghai. Habang binibigyang-diin ang mga nakaraang at kasalukuyang tagumpay ng China, walang indikasyon ng mga pormal na sesyon ng pagsasanay. Sa halip, ang pokus ay nasa imersyon sa kultura at mga karanasang pang-edukasyon.[48]

Malamang na palatandaan ng interes ng Beijing na itaguyod ang alternatibong naratibo kaugnay ng mga domestik na patakaran nito sa Xinjiang, ang ilang mga palitang pangmamamamahayag na kanilang isinaayos ay kasama ang mga pagbisita sa Lalawigan ng Xinjiang. Ang Beijing ay nakatanggap ng internasyonal na batikos dahil sa pamamahala nito sa populasyon ng mga Uyghur na Muslim-Turkic sa Xinjiang—mula sa mga akusasyon ng malawakang detensyon at sapilitang paggawa hanggang sa pagsupil sa kultura at matinding pagmamanman.[49] Bilang pagsisikap na hikayatin ang mas simpatiyang mga tinig, inanyayahan ng PRC ang mga dayuhang mamamahayag, partikular mula sa mga bansang mayoryang Muslim at mga rehiyon, para dumalaw sa Xinjiang. Halimbawa, noong 2019, nag-organisa ang PRC ng isang 10-araw at libreng pagbisita sa Xinjiang para sa mga mamamahayag at manunulat mula sa Qatar, Albania, Saudi Arabia, Turkey, at United Arab Emirates, kasama ang mga mamamahayag mula sa Mindanao sa Pilipinas—kung saan may malaking populasyon ng mga Muslim.[50]

---

[47] Garcia (2023).

[48] Tingnan ang Hernando-Malipot (2023) para sa unang-personang pagsasalaysay ng dyornalist sa kanyang karanasan.

[49] Gunter (2021).

[50] Han at Elemia (2023).

### 3.2.2 Mga Layunin at Resulta ng Pagsasanay sa mga Mamamahayag ng PRC

Bagama't nagkakaiba ang pormat at listahan ng mga kalahok, mayroong mas malinaw na pagkakapare-pareho sa mga ipinahayag na layunin ng Beijing para sa mga pagsasanay na ito: magtayo ng magandang ugnayan, tulungan ang mga mamamahayag na linangin ang mga teknikal na kasanayan, at bigyang-daan ang mga kalahok na makabuo ng mga network kasama ang kanilang mga kapwa mamamahayag sa Tsina at sa mga bansang papaunlad.[51] Ilang Pilipinong eksperto na nakapanayam din ang nagsabi na may mas pansariling motibasyon ang PRC: ang impluwensyahan ang pananaw ng mga mamamahayag upang umayon sa mga naratibo na gusto ng Beijing at makagawa ng mas positibong mga ulat. Malamang na mas mahalaga ang estratehikong layuning ito sa konteksto tulad ng sa Pilipinas, kung saan mayroong malaking interes ang PRC sa ekonomiya at geopolitika.

Halo-halo ang ebidensya ukol sa kung paano at kung natulungan ng mga pagsasanay sa mamamahayag ng PRC ang Beijing na baguhin ang mga naratibo sa media ng Pilipinas. Ang mga Pilipinong eksperto na nakapanayam para sa pag-aaral na ito ay nahahati sa tanong na ito. Ang ilang mga panayam ay nagsabi na ang mga kasamahan nila na lumahok sa mga pagsasanay na ito ay nagpapakita ng mas positibong pagtingin sa Tsina, kahit na hindi ito laging makikita sa kanilang trabaho. Ang iba pang mga panayam, kabilang ang isa na direktang lumahok sa isang pagsasanay sa PRC, ay nagpahayag ng pag-aalinlangan sa bisa ng mga ito.

[51] Custer et al. (2019).

Ang ikatlong grupo ay nagsabing may impluwensya ang mga propesyonal na pagsasanay na ito sa paghubog ng pag-uulat ng kanilang mga kasamahan pabor sa China. Si Maria Ressa, isang investigative reporter ng Rappler at nanalo ng Nobel Peace Prize, ay nagbahagi ng katulad na pananaw sa isang pampublikong pahayag noong 2018 sa National Endowment for Democracy. Ikinalulungkot ni Ressa ang polisiya ng administrasyon ni Duterte na pagpapadala ng mga empleyado ng media na pag-aari ng estado ng Pilipinas para magsanay sa Tsina. Sinabi niyang ang mga internasyonal na pagsasanay na ito'y nagbibigay ng pagkakataon sa Beijing para "maimpluwensyahan ang ekosistema ng impormasyon."[52]

Isang halimbawa nito ay si Martin Andanar. Bilang dating kalihim ng Philippine Presidential Communications Operations Office (PCOO),[53] sumali si Andanar sa ilang mga pagsasanay na isinagawa ng mga media ng estado sa PRC, kabilang ang isang sesyon noong 2018 kasama ang mahigit 50 mamamahayag mula sa mga media outlet na pinapatakbo ng estado ng Pilipinas, at lahat ng ito ay naka-kabit sa PCOO.[54] Mula nang umalis sa PCOO, si Andanar ay naging anchor para sa CGTN network, na pag-aari ng estado ng PRC.[55] Bukod pa rito, ang mga mamamahayag mula sa Mindanao na bumisita sa probinsya ng Xinjiang ay tila nagpahayag ng suporta para sa mga hakbang ng Tsina laban sa terorismo, na umaayon sa mga naratibong itinutulak ng pamahalaan ng Tsina.[56]

Ang digitalisasyon, mababang sahod, at mabibigat na trabaho ay naglalagay ng malaking presyon sa maraming Pilipinong mamamahayag. Sa ganitong kalagayan, ang mga propesyonal na pagsasanay na pinondohan ng PRC ay maaaring makita

---

[52] Bednarz (2018).

[53] Kilala na ito bilang Presidential Communications Office pagkatapos ng reorganisasyon (tingnan ang: https://mirror.pco.gov.ph/).

[54] Parrocha (2018).

[55] Piatos (2024).

[56] Han at Elemia (2023).

ng mga mamamahayag bilang kapaki-pakinabang para sa pangmatagalang pag-unlad ng kasanayan at potensyal na mas mataas na sahod, o, sa maikling panahon, bilang isang pinondohang pagkakataon para sa imersyon sa kultura ng Tsina. Dagdag pa rito, ang pagtiyak ng tumpak at patas na pag-uulat ay madalas na nangangailangan ng oras at mga mapagkukunan na maaaring hindi laging abot-kamay ng maraming mamamahayag. Ang pagkakaroon ng pagkakataon sa mga mapagkukunan mula sa PRC ay maaaring maging kaakit-akit sa mga manunulat na may limitadong pinagkukunan at nangangailangan ng impormasyon.

## 3.3 Mga Troll sa Social Media, Kaibigan, at Influencers

Sa buong mundo, ang PRC ay nakatingin sa social media para magpalaganap ng mensaheng kampi sa Tsina at magkalat ng maling impormasyon o disinformation tungkol sa mga kontrobersyal na isyu.[57] Tulad ng inilarawan sa Kabanata 2, ang mga media na pag-aari ng estado o may impluwensya ng estado ay may mga account sa karamihan ng mga plataporma sa social media plataporma para palakasin ang kanilang nilalamang digital. Mas hindi direktang paraan ang pagpaparami ng mga troll farms at iba pang pekeng account na maaaring gamitin ng PRC para magkalat ng maling impormasyon o disinformation sa mga banyagang publiko, kasama ang pakikipagsosyo sa mga social media influencers. Partikular na may peligro ang Pilipinas sa mga digital na hakbang na ito, dahil ang mataas na konektadong populasyon nito na pang-apat sa buong mundo sa oras na ginugugol sa social media.[58] Binanggit ng mga Pilipinong eksperto na nakapanayam ang lumalawak na presensya ng Tsina sa TikTok, Facebook, X

[57] Brandt et al., (2022).
[58] Kemp (2024).

(dating Twitter), at YouTube bilang bahagi ng kanilang pagsisikap na hubugin ang opinyon ng publiko.

Ayon sa mga panayam, humigit-kumulang 10,000 pekeng account ang ginamit para magpakalat ng mga pekeng video at deepfakes, pati na rin para atakihin ang mga kilalang pinunong pampulitika at militar. Ginagamit ng PRC ang mga ito para itaguyod ang tatlong naratibong may kaugnayan sa seguridad: (1) ang Tsina ay isang responsableng pandaigdigang aktor; (2) ang kritisismo sa kilos at motibo ng China ay bahagyang pagtatangka ng Estados Unidos na pahinain ang soberanya ng Pilipinas; at (3) ang pagtalakay, lalo na ang pakikipagtalo, tungkol sa South China Sea ay maaaring magdulot ng labanan sa PRC, na nagpapahiwatig na walang magagawa ang Pilipinas.

Ipinapakalat din ng Beijing ang mga social media influencers sa Pilipinas para itaguyod ang mga positibong naratibo tungkol sa PRC.[59] Kasabay ng mga pagsasanay ng mamamahayag, pinondohan ng mga opisyal ng PRC ang mga personalidad sa social media para maglibot sa Tsina, at hinikayat silang ipakita ang isang positibong naratibo na kabaligtaran sa sinasabing pagmamaliit ng Kanluran.[60] Bagaman malaki ang abot ng YouTube sa Pilipinas, tila mas kaunti ang paggamit ng PRC sa plataporma ng ito kumpara sa ibang bansa. Ang ilang YouTube vloggers mula sa Pilipinas ay naglabas ng mga video na may karaniwang pormat ng travel blog na kampi sa Tsina: mga masayang paglalakbay at isang personalidad na "nagwawasto" ng maling akala ng mga manonood tungkol sa paglalakbay sa Tsina.[61] Gayunpaman, hindi malinaw kung ang mga video na ito ay pinondohan ng PRC, at ang abot ng mga ito ay medyo limitado: walang video na napanood ng may higit sa 20,000 beses, kumpara sa milyon-milyong nanood sa

---

[59] Seitz et al. (2022).

[60] Halimbawa, naglabas ang isang mag-asawang Briton ng travel blog sa rehiyon ng Xinjiang na nag-whitewash ng mga mapanupil na patakaran ng gobyerno laban sa minoryang Uyghur (Wang, 2024).

[61] Mga video na may mga pamagat tulad ng: "First Time in CHINA! HINDI Ang INAASAHAN KO bilang isang FILIPINO BACKPACKER 2024 #china #travelvlog"; "pinay living in the city🏙️, palengke day, buhay sa china l filipina sa china中国🇨🇳"; "ANO ANG INIISIP NG ISANG PILIPINO TUNGKOL SA CHINA PAGKATAPOS NA BISITAHIN ITO?"

mga vloggers mula sa India, Europa, at Estados Unidos sa kanilang mga videos tungkol sa Tsina.

Isa pang halimbawa ng hindi matagumpay na pagtataguyod ng media ng PRC ay ang video na inilabas ng Embahada ng Tsina sa Maynila, na pinamagatang "Iisang Dagat." Bagama't layunin nitong bigyang-diin ang positibong relasyon ng dalawang bansa, ang kalakip na YouTube video—na nagpapakita ng mga imahe ng tulong sa COVID-19—ay malawakang tiningnan bilang isang sinikal na pagtatangka parailihis ang atensyon mula sa mga aksyon ng Beijing sa karagatan.[62] Noong Abril 27, 2020, nakapagtala ang video ng mahigit 100,000 dislikes, na nagbunga ng malawakang negatibong reaksyon mula sa mga Pilipino.[63]

Kahit na makokontrol ng Beijing ang mga mapagkukunan at atensyon na inilaan nito sa mga taktikang ito sa social media, ang pagbabago ng mga lokal na naratibo ay komplikado sa praktikal na katotohanan. Ayon sa mga Pilipinong eksperto na nakapanayam, hindi masyadong epektibo ang mga taktika ng PRC sa social media dahil sa dalawang dahilan. Una, madalas na nahihirapan ang mensahe ng PRC na kumonekta sa mga lokal na audience, isang bagay na iniuugnay ng mga eksperto sa kakulangan ng kaalaman tungkol sa lipunang Pilipino. Pangalawa, ang mga aksyon ng Beijing sa isang larangan ay maaaring pahinain ang apela nito sa ibang larangan. Halimbawa, regular na naglalathala ang mga outlet ng Pilipinas ng mga video ng agresibong galaw ng Navy ng People's Liberation Army ng PRC para igiit ang mga pag-angkin ng Beijing sa South China Sea, at ang mga video na ito ay daan-daang libong beses napapanood sa social media (Rappler, 2024; Rappler 2023b).

[62] Robles (2020).

[63] ABS-CBN News (2020).

## 4. Magkakasalungat o Nagkakaisang Naratibo: Paghahambing ng Media Coverage sa Pilipinas at PRC

Mahahalagang pananaw mula sa kabanatang ito:

- Sa kabila ng mga pagtatangka ng Beijing na kontrolin ang naratibo, binabalewala ng media ng PRC ang mga hamon sa pagpapatupad ng proyekto, habang binibigyang-diin naman ito ng media ng Pilipinas.
- Ipinapakita ng Beijing ang mga proyekto nito bilang mga inisyatibang lokal, pero hindi sinusuportahan ng media ng Pilipinas ang pagtatangkang ito na isisi sa mga lokal ang mga aberya sa mga proyekto.
- Ang mga CSP ay maaaring magdulot ng positibong paglalarawan ng Beijing sa mga opinyon ng mga elitista sa Pilipinas, pero hindi nito mapoprotektahan ang PRC mula sa negatibong coverage.

Gumagamit ang Beijing ng maraming aspeto ng estratehiya sa Pilipinas, na pinagsasama ang direkta at hindi direktang pagmemensahe para hubugin ang lokal na media at opinyon ng publiko. Tulad ng nakita natin sa ulat na ito, ginagamit ng Beijing ang malawak na mga media na pag-aari at may impluwensya ng estado ng PRC, kasama ang iba't ibang mga taktika ng hindi direktang impluwensya (hal., CSP sa mga media outlet ng Pilipinas, pakikipagtulungan sa mga social media influencer, pagsasanay ng mga mamamahayag ng Pilipinas), na lahat ay naglalayong itaguyod ang positibong pananaw tungkol sa papel ng Tsina sa rehiyon.

Siyempre, mas madaling sabihin kaysa gawin ang impluwensyahan ang mga lokal na naratibo, at mas may kontrol ang Beijing sa mga taktika na ginagamit nito para magtaguyod ng impluwensya kaysa sa tugon ng publiko. Iminungkahi ng mga Pilipinong eksperto na nakapanayam na ang pagiging komportable ng Beijing sa

pamamahala sa isang kapaligirang may kontrol ng estado sa impormasyon ay nagpapahirap sa mga opisyal ng PRC na makapasok at makaimpluwensya sa mga naratibo sa mas malaya at mas masiglang espasyo ng media ng Pilipinas. Bukod pa rito, ang tumataas na tensyon sa pagitan ng dalawang bansa kaugnay ng mga alitan sa karagatan at ekonomiya ay lalong nagpapahirap sa mga pagsisikap ng Beijing na bumuo ng mga naratibo.

Sa kabanatang ito, susuriin natin kung paano nagkakasalungatan o nagkakaisa ang mga mensahe ng media ng PRC at Pilipinas sa tatlong aspeto: mga hamon sa pagpapatupad ng mga proyekto na pinondohan ng PRC, ang antas ng diin sa lokal na pamamahala laban sa pakikilahok ng PRC sa mga pamumuhunan sa imprastraktura, at ang papel ng mga opinyon sa pahayagan sa pagbibigay ng PRC ng lokal na kredibilidad upang itaguyod ang positibong imahe nito.

### 4.1 Mga Naratibo ng Media sa Mga Hamon sa Pagpapatupad

Ang kakayahan ng Beijing na tuparin ang pangakong maging isang kaakit-akit na kaagapay sa ekonomiya ng Pilipinas ay bahagi ng lokal na pananaw ukol sa pagpopondo nito sa mga malalaking proyekto ng imprastraktura sa ilalim ng BRI. Sa ilang mga kaso, hindi natupad ang mga inaasahang resulta: ang ilang ipinangakong proyekto ay hindi natuloy, habang ang iba naman ay nakaranas ng mga hamon sa pagpapatupad, na nagresulta sa iba't ibang reaksyon mula sa negatibong kritisismo dahil sa mga epekto sa kapaligiran, lipunan, o pamamahala hanggang sa tahasang legal na hamon.[64]

Ang mga pagsisikap ng Beijing na itaguyod ang tagumpay ng mga proyekto ng imprastraktura na sinuportahan ng PRC sa media ay madalas na sinalubong ng

[64] Custer et al. (2024).

mga makabuluhang hamon—tulad ng labis na paggastos, mga isyu sa pamamahala, at mga epekto sa kapaligiran—na nararanasan sa panahon ng pagpapatupad. Sa seksyong ito, susuriin natin ang antas ng pagkilala o pagtugon sa mga napatunayang hamon sa pagpapatupad na naganap sa 10 sa pinakamalaking proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC, at kung paano ito itinampok sa opisyal na media ng PRC kumpara sa walong media outlet ng Pilipinas[65] sa kanilang coverage mula 2017 hanggang 2023 (Tingnan ang Talahanayan 5).

[65] Ang Philippine Daily Inquirer, Manila Bulletin, BusinessWorld, ang Philippine Star, Manila Standard, BusinessMirror, ang Manila Times, at ang Philippines News Agency.

| Project Title | Commitment Year | Sector | Amount (USD Millions) |
|---|---|---|---|
| Dinginin Coal-Fired Power Plant Construction | 2016 | Energy | 1180.80 |
| Lanao Kauswagan Coal-Fired Power Plant Construction | 2016 | Energy | 944.64 |
| Mariveles Coal-Fired Power Plant Construction | 2010 | Energy | 686.61 |
| Phase I, Section I of the Northrail Project | 2004 | Transport and Storage | 411.78 |
| Manila Water Company Capital Investment | 2019 | Water Supply and Sanitation | 314.59 |
| Phase 1 of the Safe City Project | 2021 | Communications | 275.94 |
| Clark Global City Project | 2017 | Industry, Mining, Construction | 265.04 |
| Chelsea Logistics and Infrastructure Holdings Corp. acquisition of 2GO Group | 2017 | Business and Other Services | 253.51 |
| Project Management Consultancy of the Philippine National Railways South Long-Haul Project | 2019 | Transport and Storage | 246.93 |
| New Centennial Water Source-Kaliwa Dam Project | 2018 | Energy | 230.19 |

Tablea 5. Sampung Nangungunang Pinakamahal na mga Proyektong Pang-Imprastraktura na Pinondohan ng PRC

### 4.1.1 Mga Pagkaantala sa Paghahatid ng Proyekto

Ang kagustuhan ng Beijing na pondohan ang mga ambisyoso at komplikadong proyekto ng imprastraktura sa Pilipinas ay nagdulot ng mas mataas na panganib ng pagkaantala sa paghahatid ng proyekto. Ang sektor ng enerhiya ay isang halimbawa. Natuklasan nina Custer et al.(2024) na ang karaniwang proyekto sa enerhiya na pinondohan ng PRC sa Pilipinas ay tumatagal ng 866 na araw mula sa paglalaan ng pondo hanggang sa pagkumpleto ng proyekto. Halimbawa, ang mga planta ng kuryente na pinatatakbo ng karbon sa Dinginin at Lanao Kauswagan sa Gitnang Luzon at Hilagang Mindanao, ayon sa pagkakabanggit, ay

nakaranas ng makabuluhang pagkaantala sa operasyon, tulad ng pagtigil ng trabaho dahil sa COVID-19 at mga komplikasyon sa transportasyong pandagat.

Karamihan ay negatibo ang mga ulat ng media tungkol sa planta ng karbon sa Dinginin mula sa Manila Bulletin at Philippine Star noong 2020, kung saan mahigit 80 porsyento ng mga artikulo ay nagpapahayag ng kritisismo sa proyekto. Ang pangunahing dahilan ay pagkaantala at mga alalahanin sa kapaligiran kaugnay sa emisyon at epekto sa ekosistema. Pagsapit ng 2022, ang negatibong coverage ay halos nawala na, at ang BusinessMirror na lamang ang naglalathala ng mga artikulo tungkol sa proyekto, na mas neutral ang tono. Ang pagbabagong ito ay maaaring maiugnay sa paglutas ng mga pangunahing pagkaantala, partikular ang pagkumpleto ng ikalawang yunit na nagbibigay na ng kuryente noong kalagitnaan ng 2021, at marahil ang mas malawak na pagbabago sa pokus ng media patungo sa mga tagumpay ng proyekto.

Ang planta ng karbon sa Lanao Kauswagan ay nakatanggap din ng maraming negatibong coverage mula sa media ng Pilipinas mula 2017 hanggang 2020, kasabay ng panahon kung kailan maraming beses ipinagpaliban ang pagkumpleto ng proyekto, at ang iba pang pagkaantala sa operasyon na malamang na nagpaigting ng mga negatibong damdamin. Pagkatapos makumpleto ang proyekto noong 2020, nabawasan ang negatibong coverage noong 2021, habang nalutas ang mga hamon at lumayo na ang atensyon mula sa mga naunang kontrobersiya.

#### 4.1.2 Mga Alalahanin sa Pagkuha at Regulasyon ng Proyekto

Ilang malalaking proyekto sa imprastraktura ng PRC sa Pilipinas ang kinailangang harapin ang mga akusasyon kaugnay ng mga iregularidad sa procurement.[66] Isang kilalang halimbawa nito ay ang North Luzon Railway project. Pinondohan ng US$400 milyong pautang mula sa Exim Bank ng Tsina, layunin ng Northrail na magtayo ng 80km na linya ng tren mula Caloocan sa Metro Manila hanggang Malolos sa probinsya ng Bulacan. Ang lumalaking gastos ng proyekto at mga tuloy-tuloy na pagkaantala ay naging paksa ng mga legal na labanan. Isang desisyon ng Korte Suprema ang nagpakita ng mga depekto sa procurement at natukoy na ang kasunduan sa pautang ay dapat na dumaan sa bidding. Kalaunan ay kinansela ng Exim Bank ng Tsina ang pautang noong 2012, at ang Kagawaran ng Pananalapi ng Pilipinas ay kinailangang bayaran ang US$180.79 milyon na pautang, kasama ang interes, na nagpalala ng mga isyung pinansyal at legal ng proyekto.[67]

Ang coverage ng media sa Northrail sa Pilipinas ay sumasalamin sa mga kontrobersiya kaugnay ng mga legal na alitan at mga deliberasyon ng Korte Suprema, kung saan tumaas ang mga negatibong artikulo noong 2017 at 2018. Nang kanselahin ang proyekto ng Northrail noong 2019, nabawasan ang negatibong coverage habang lumipat ang atensyon ng media sa North-South Commuter Railway (NSCR) na sinusuportahan ng Japan at Asian Development Bank.[68] Gayunpaman, muling bumalik ang negatibong damdamin noong 2023, na nagmumungkahi na habang hinaharap ng Pilipinas ang mga bagong hamon

---

[66] Custer et al. (2024).

[67] Tingnan ang project ID # 63805 (https://china.aiddata.org/projects/63805/) sa AidData GCDF 3.0 dataset. Custer et al. (2023) at Dreher et al. (2022).

[68] Itinutuloy ng NSCR ang bisyon ng sistema ng riles na magkokonekta ng Central at Northern Luzon. Pinamamahalaan nito ngayon ng Department of Transportation at sinusuportahan ng Japan at Asian Development Bank. Ang NSCR ay nakatakdang maging isang mahalagang bahagi ng imprastraktura ng riles sa Pilipinas, na magtutulak ng pinabuting koneksyon at paglago ng ekonomiya sa rehiyon (Rappler, 2023a).

kaugnay ng mga nagpapatuloy na proyekto ng imprastraktura ng tren, muling bumalik ang pagsusuri ng media sa isyu ng Northrail.

Hinarap ng mga malalaking proyekto ng imprastraktura na pinondohan ng PRC ang isa pang hamon na may kaugnayan sa pamamahala: mga balakid sa regulasyon. Halimbawa, ang Safe City Project na pinondohan ng PRC, na naglalayong pahusayin ang pampublikong kaligtasan sa pamamagitan ng pagkabit ng abanseng sistema ng Closed-Circuit Television sa 16 hanggang 18 na lokal na pamahalaan (LGUs), ay nahihirapang makakuha ng maraming pag-apruba mula sa National Economic and Development Authority) at National Telecommunications Commission (NTC).[69] Pinalala pa ang mga pagkaantala ng pangangailangan na makakuha ng Memorandums of Agreement (MOAs) mula sa mga kasali na LGUs at ang panukalang gamitin ang Huawei Technologies para mag-supply ng mga kritikal na kagamitan para sa proyekto, sa kabila ng mga akusasyon ng pagkakasangkot ng Huawei sa pag-eespiya sa cyberspace.[70]

Ang pananaw ng media ng Pilipinas kaugnay ng Safe City Project ay nagbago bilang tugon sa mga hamong pang-regulasyon na ito. Sa simula, ang mga ulat ng media ay karamihang positibo o neutral. Gayunpaman, tumaas ang negatibong sentimyento tungkol sa proyekto mula 2017 hanggang 2019, kasabay ng mga problemang regulasyon ng proyekto at mga alalahanin sa pambansang seguridad dahil sa pagkakasangkot ng Huawei. Noong 2022, nang bumagal ang proyekto dahil sa mga isyu sa pondo, ang negatibong coverage ay unti-unting bumaba. Gayunpaman, patuloy na naglalathala ang mga pahayagan tulad ng Philippine Star at Philippine Daily Inquirer ng mga negatibong kwento, na sumasalamin sa

[69] Tuquero (2019).

[70] Ang Huawei Corporation ay isang kumpanyang pangtelekomunikasyon na pribadong sektor sa pangalan, ngunit malabo ang istrukturang pagmamay-ari nito at pinaghihinalaang may ugnayan sa Chinese Communist Party (Custer et al., 2024).

mga hindi pa nareresolbang alalahanin kaugnay ng mga pagkaantala sa proyekto at sa pagkakasangkot ng Huawei.

### 4.1.3 Mga Isyung Pangkapaligiran at Panlipunan

Tinatayang 40 porsyento ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC sa Pilipinas ay nauugnay sa kahit isang uri ng panganib sa kapaligiran, lipunan, o pamamahala (ESG), ayon kina Custer et al.(2024). Ang Kaliwa Dam ay isang partikular na kontrobersyal na halimbawa ng isang proyekto ng imprastraktura na pinondohan ng PRC na sumuong sa mga pangunahing hamong pangkapaligiran at panlipunan. Inilaan para magbigay ng bagong pinagkukunan ng tubig para sa Metro Manila, ang proyekto ng Kaliwa Dam ay nakaranas ng pagtutol dahil sa mga alalahanin tungkol sa epekto nito sa kapaligiran,[71] paglipat ng mga katutubong pamayanan,[72] at kakulangan ng mga kinakailangang permiso mula sa pamahalaan.[73] Sa kabila ng mga hindi pa nareresolbang isyu na ito, nagpatuloy ang konstruksyon ng proyekto, na nagpalala ng tensyon sa pagitan ng pamahalaan at ng mga apektadong pamayanan.

Ang pag-uulat ng media ng Pilipinas tungkol sa proyekto ng Kaliwa Dam ay sumasalamin sa mga alalahaning ito, kung saan nagkaroon ng makabuluhang pagtaas ng negatibong sentimyento sa lahat ng walong nasuri na outlet, na

---

[71] Bagama't naglabas ang pamahalaan ng Environmental Compliance Certificate (ECC) noong Oktubre 2019, nananatili ang mga tanong tungkol sa kasapatan ng mga pagsusuri sa kapaligiran na isinagawa at ang potensyal para sa proyekto na magdulot ng deforestation at makagambala sa mga lokal na ecosystem. Ibinunyag ng isang opisyal sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) na "inilabas ang ECC dahil priority project ito ng gobyerno at walang ibang paraan ang ahensya kundi aprubahan ito," na nag-aalala tungkol sa integridad ng proseso ng pag-apruba. (Yap et al., 2019).

[72] Matatagpuan sa mga munisipalidad ng General Nakar at Infanta sa probinsya ng Quezon at Teresa sa probinsya ng Rizal, ang proyekto ay binatikos dahil sa pagbabanta ng 10,000 miyembro ng Dumagat-Remontado indigenous community.

[73] Binibigyang-diin ng Philippine Commission on Audit na walang permit ang Kaliwa dam mula sa mga nauugnay na ahensya ng gobyerno, na nagdudulot ng panganib sa loan agreement sa China Eximbank at sa kontratang komersyal sa Tsinong konktraktor.

umabot sa pinakamataas na antas noong 2021.[74] Ang pagtaas ng coverage na ito ay tila pinapalakas ng mga isyung pangkapaligiran at panlipunan, kabilang ang paglipat ng mga katutubong pamayanan at mga kakulangan sa mga pagsusuri sa kapaligiran. Nagsimulang humupa ang mga negatibong kwento sa proyekto noong 2022 nang magsimula ang konstruksyon, na maaaring nagbigay-lunas sa mga naunang alalahanin kaugnay ng pagkaantala sa simula ng proyekto. Pagkatapos, ang atensyon ng media ay lumipat mula sa mga unang kontrobersiya patungo sa mga aktwal na pangyayari sa lugar, na nagresulta sa pagbaba ng negatibong coverage.

Ang Kaliwa Dam ay naging sentro rin ng mga direktang pagsisikap sa pagmemensahe ng PRC. Ang mga media outlet na pag-aari o may impluwensya ng estado, tulad ng South China Morning Post, Xinhua News Agency, China Daily, at Global Times, ay inilalarawan ang proyekto bilang isang haligi ng kooperasyon sa pagitan ng Tsina at Pilipinas. Halimbawa, noong Abril 2023, tatlong artikulo mula sa SCMP na tinatalakay ang mga alitan sa South China Sea ay binanggit ang Kaliwa Dam bilang patunay ng pagpapalakas ng ugnayan ng PRC at Pilipinas. Ang ganitong antas ng pagkakasangkot ng mga outlet ng PRC ay maaaring nagpapahiwatig ng estratehiya ng Beijing para proaktibong kontrahin ang negatibong coverage ng mga pangunahing proyekto nito. Kapansin-pansin, ang iba pang malalaking pamumuhunan na nakatanggap ng malaking coverage sa mga PRC media ay mga katulad ding kontrobersyal na pamumuhunan tulad ng Northrail project at ang Mislatel deal ng China Telecom.

---

[74] Isang matalim na pagtaas mula noong 2017, nang higit sa tatlong-kapat ng saklaw ay positibo sa tono.

## 4.2 Mga Naratibo ng Media sa Lokal na Pagmamay-ari ng Pamumuhunan

Ang malawakang pagkakasangkot ng mga kumpanyang Tsino sa pagpaplano, pagpopondo, at pagpapatupad ay isang karaniwang katangian ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC sa Pilipinas.[75]Sa kabilang banda, ang gustong naratibo ng Beijing ay ipakita ang mga pamumuhunang ito bilang mga inisyatibang pinamumunuan ng mga lokal na inisyatiba. Halimbawa, ang mga proyekto ng imprastraktura tulad ng Kaliwa Dam at Chico River Pump Irrigation Project ay ipinakikita bilang tugon sa pambansang agenda ng kaunlaran ng administrasyong Duterte, kahit na sila ay nagpondo rito ng malaki at ipinatupad ito ng mga kompanyang Tsino sa ilalim ng BRI.

Ayon sa mga Pilipinong eksperto na nakapanayam, nilalayon ng Beijing na mabawasan ang pisikal na impluwensya ng PRC at ilipat ang responsibilidad sa mga hamon ng pagpapatupad—tulad ng mga pagkaantala, labis na gastos, o hindi natupad na pangako—mula sa mga kumpanyang Tsino patungo sa mga lokal na stakeholder. Partikular nilang binigyang-diin na ito ay naging mas kapansin-pansin sa pagtingin sa mga proyekto ng imprastraktura na sinuportahan ng PRC sa panahon ng administrasyong Duterte.

Ang mga kahirapang pinansyal ng mga lokal na media outlet ay maaaring higit pang nagpabuti sa naratibo ng lokalisasyon. Ang mga problemang pang-ekonomiya ay maaaring gawing mas mapanganib ang kondisyon ng mga lokal na

[75] Custer et al. (2024)

outlet sa mga panlabas na impluwensya,[76] kabilang ang mula sa mga grupong suportado ng PRC, na maaaring pasimpleng paboran ang mga kumpanyang Tsino sa pamamagitan ng pagbabawas ng kanilang papel sa mga problematikong aspeto ng mga proyekto. Ibinahagi ng mga panayam na ang mga balitang pabor sa mga proyektong pinondohan ng PRC ay bumabaha sa espasyo ng media, at natabunan ang mga tinig na sumasalungat dito.

Ang pagkaposisyon ng mga pamumuhunan ng PRC sa Pilipinas bilang mga inisyatibong pinamumunuan ng lokal ay maaari ring isang mekanismong depensa ng Beijing para makahanap ng paraan sa isang kapaligiran kung saan bumababa ang tiwala ng publiko sa Tsina. Ayon sa OCTA Research,[77] 76 porsyento ng mga Pilipino na sinuri noong Marso 2024 ang nakikitang Tsina bilang pinakamalaking banta sa Pilipinas. Bagaman ang hindi kasiyahan sa mga proyektong mataas ang bisilibidad na pinondohan ng PRC at ipinatupad ng mga kompanyang Tsino ay isa lamang sa maraming salik, malamang na pinalala ng mga dinamikong ito ang mas malawak na pagkadismaya sa ekonomiya at politika.

Ang negatibong reaksyon sa mga agresibong pag-angkin ng Beijing sa South China Sea ay isang mahalagang salik sa opinyon ng publiko. Binanggit ng mga panayam ang kontrobersyal na desisyon na payagan ang ilang negosyong Intsik, kabilang ang mga POGO, na manatiling bukas sa panahon ng pandemya habang ang mga lokal na negosyo ay isinara, na lalo pang nagpapatibay ng negatibong


---

[76] Ibinahagi ng ilang eksperto sa media sa Pilipinas na nakapanayam para sa pag-aaral na ito na maraming nationwide media outlet sa Pilipinas ang nahihirapang kumita, na ang sitwasyon ay mas mahirap para sa media sa probinsya. Para sa mga indibidwal na mamamahayag, ang pag-asam ng mas mataas na sahod na inaalok ng media na pinondohan ng PRC na may kaugnayan sa kung ano ang maaari nilang kitain mula sa mga outlet sa Pilipinas ay isang malakas na pang-akit na iayon ang kanilang pamamahayag sa mga gustong salaysay ng Beijing. Samantala, ang kakulangan ng mga mapagkukunan para sa propesyonal na pag-unlad ay higit na nag-aambag sa apela ng mga programa sa pagsasanay na pinondohan ng PRC (tingnan ang Seksyon 3.2).

[77] Strangio (2024).

pananaw sa impluwensya ng Beijing. Dagdag pa rito, ang negatibong coverage ng PRC at mga kaugnay nito sa Pilipinas ay nag-ambag sa mas malawak na sentimyentong kontra-Tsino, na nakaaapekto sa pamayanan ng mga Pilipinong Intsik. Dahil dito, ang mga paksang may kaugnayan sa Tsina ay kadalasang sinusuri ng may pagdududa. Tulad ng ipinapakita sa Pigura 8, ang positibong coverage ng POGO sa media ng Pilipinas ay tuluy-tuloy na bumaba mula noong 2017 at umabot sa pinakamababang antas nito noong 2020.

Pigura 8. Sentimyento ng Coverage sa Media ng Pilipinas na may Kaugnayan sa Philippine Offshore Gaming Operators, 2017-2023





*Mga Tala: Makikita sa graph na ito ang average na taunang bilang ng mga artikulong positibo na nalimbag sa media ng Pilipinas sa pagitan ng 2017 at 2023 na naglalaman ng salitang "POGO," isang akronim sa "Philippine Offshore Gaming Operator." Kinalkula ang positivity share base sa tinipong sentimyento sa lahat ng mga salita sa artikulo; samakatwid, kaunti lamang ang mga artikulong may purong "negatibo" at purong "positibo" kundi mga weighted sums. Para sa mga detalye, tingnan ang Technical Appendix. Software: Bing sentiment lexicon (Minqing and Bing, 2004). Pinanggalingan: Factiva DNA, kalkulasyon ng AidData.*

### 4.3 Ang Papel ng mga Op-Ed sa Pagsuhay ng Lokal na Kredibilidad

Para sa maraming Pilipinong eksperto na nakapanayam, ang Manila Times ay kapansin-pansin sa mga matatag na lokal na media outlet dahil sa natatangi nitong paninindigan na kampi sa Tsina. Bukod pa rito, ang Manila Times ay may kasunduan sa pagbabahagi ng nilalaman sa Xinhua para muling ibahagi, muling ilathala, at lumikha ng mga nilalaman kasama ang katapat nitong PRC. Upang masuri ang potensyal na abot ng ugnayang ito at ng media sa Pilipinas sa paghubog ng opinyon ng mga elitista at pambansang diskurso, masusing tinitingnan namin ang dami at sentimyento ng mga kwento na may salitang "Tsina" na lumabas sa mga artikulong op-ed ng Manila Times mula Enero 1, 2010 hanggang Agosto 23, 2024.

Ang porsyento ng mga op-ed sa Manila Times na binabanggit ang "Tsina" ay makabuluhang tumaas sa nakalipas na labing limang taon (Tingnan ang Pigura 9). May kapansin-pansing pagtaas sa paligid ng pagsisimula ng pandemya ng COVID-19 noong 2020. Gayunpaman, sa unang kalahati ng 2024, ang mga op-ed na binabanggit ang Tsina ay umabot sa isang hindi pa naganap na antas. Ang pinakahuling pagtaas na ito ay kasabay ng pagtaas ng mga komentaryo ng mga elitista kaugnay ng tumitinding tensyon sa pagitan ng dalawang bansa dahil sa mga alitan sa South China Sea. Bagaman ganoon, sa pangkalahatang pagtingin sa loob ng labinlimang taon, may bumababang pagbabago kada quarter sa dami ng mga op-ed na nakatuon sa Tsina, na nagmumungkahi na ang Tsina ay nagiging isang mas matatag at kilalang paksa sa hanay ng mga kolumnista ng opinyon sa Manila Times.

Pigura 9. Ang Proporsyon ng Op-Ed sa Manila Times na Binanggit ang Tsina, 2010-2025




*Mga Tala: Ang pigurang ito'y nagpapakita ng porsyento ng mga artikulong op-ed sa Manila Times na nagbabanggit ng salitang "Tsina" bawat quarter mula 2010 hanggang ika-23 ng Agosto 2024. Dahil sa pag-iba-iba ng mga porsyento kada quarter, isinama ang isang trend line na may confidence intervals (CIs) para makatulong sa interpretasyon. Ang mas malawak na CIs ay nagpapakita ng mas malaking baryasyon bawat quarter. Para sa pagsusuring ito, ginamit namin ang isang LOESS (locally estimated scatterplot smoothing) function, isang metodo sa estadistika na hindi parametric, para i-apply ang curve of best fit (hal., isang malinis na linya) para sa ating time series data points na hindi nag-aassume ng isang normal na distribusyon. Ang umaandar na regression na ito'y isang teknik na makakatulong sa mas mahabang panahon na paghahanap ng trend sa isang grupo ng mga datos na tunay na maingay. Pinanggalingan ng Nilalaman: The Manila Times (www.manilatimes.net).*

Para masukat kung paano maaaring nakakaimpluwensya ang CSP ng Manila Times sa mga PRC media sa tono ng kanilang editoryal, nagsagawa kami ng isang


sentiment analysis gamit ang Lexicoder Sentiment Dictionary (LSD).[78] Ito ay nagbibigay ng sistematikong paraan para masubaybayan ang mga pagbabago sa sentimyento na nagbibigay ng mga pananaw tungkol sa potensyal na pagkiling o pagbabago ng pananaw tungo sa Tsina sa mga artikulong op-ed sa pahayagan kada quarter sa panahon ng pag-aaral (Enero 1, 2010, hanggang Agosto 23, 2024).

Sa 40 sa 56 na quarter na nasuri (71 porsyento ng mga pagkakataon), positibo ang karaniwang sentimyento ng mga op-ed ng Manila Times na may keyword na "Tsina" (Tingnan ang Pigura 10). Ang natuklasang ito ay nagpapatibay sa impresyon na ibinahagi ng maraming panayam na nagbibigay ang Manila Times ng natatanging positibong coverage sa PRC. Ang sentimyento ng mga op-ed ng Manila Times ay mas pabago-bago mula 2010 hanggang 2016, na sumasalamin sa parehong positibo at kritikal na coverage, na malamang na kaugnay ng lumalalang relasyon sa pagitan ng Maynila at Beijing sa panahon ng administrasyon ni Pangulong Aquino. Ang coverage ng Manila Times ay naging mas positibo sa China sa mga sumunod na taon, na nakaayon sa posturang kampi sa Tsina ni Pangulong Duterte, bagaman ito'y may patuloy na pagbabago-bago.

Kakatwa na ang kadalasa'y positibong sentimyento ng Manila Times sa Tsina ay nanatiling matatag at hindi bumaba, kahit na sa transisyon kay Pangulong Marcos Jr,. na ang administrasyon ay naging maingat sa pakikitungo sa Tsina. Ang katatagang ito, kahit may malawakang negatibong diskurso sa bansa, ay nagpapakita na ang Manila Times ay maaaring naimpluwensyahan ng CSP nito sa Xinhua, na siyang naghihiwalay dito sa mga pananaw na pampubliko at pampamahalaan.

[78] Ang LSD ay isang bag-of-words na diksyonaryo na sumusukat ng sentimyento sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga positibo o negatibong marka sa mga salita sa loob ng isang teksto, na nagbibigay-daan sa isang layunin na pagsukat ng tono ng mga op-ed sa paglipas ng panahon (Young at Soroka, 2012).

Pigura 10. Pagsusuri ng Sentimyento Kada Quarter ng Op-Eds na Bumabanggit ng Tsina sa Manila Times, 2010-2024




*Mga Tala: Ang pigurang ito'y nagpapakita ng pangkalahatang sentimyento ng mga op-ed na nagbabanggit ang "Tsina" sa Manila Times kada quarter mula 2010 hanggang Ika-23 ng Agosto 23, 2024. Ang mga data points sa itaas ng horizontal dashed line ay nagpapakita ng pangkalahatang positibong sentimyento mula sa mga op-eds na nagbabanggit ng "Tsina" sa quarter na iyon, samantalang ang mga data points sa ilalim ay nagpapakita ng pangkalahatang negatibong sentimyento para sa quarter. Sa 56 posibleng mga quarter, 42 ay positibo (72.9 porsyento). Software: Lexicoder Sentiment Dictionary (Young and Soroka, 2012); 'quanteda' R package (Benoit et al., 2018). Pinanggalingan ng Nilalaman: The Manila Times (www.manilatimes.net).*

# 5. Konklusyon

Sa ulat na ito, *Pamumuhunan sa mga Naratibo: Paanong Isinulong ng Beijing ang mga Proyektong Pangkaunlaran nito sa Pilipinas,* aming sinuri ang paggamit ng PRC ng mga direkta at hindi direktang channel ng pagmemensahe para maimpluwensyahan ang mas positibong coverage ng media tungkol sa kanilang pakikilahok sa Pilipinas. Sa kabanatang ito, natapos namin ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa ilang pangunahing pananaw na lumitaw mula sa aming pananaliksik.

### Paano ginagamit ng PRC ang media ng estado para itulak ang kanilang gustong naratibo ng pamumuhunan sa Pilipinas?

Ang mga media ng estado ng PRC ay may mahalagang papel sa mga pagsisikap ng Beijing na hubugin ang mga lokal na naratibo tungkol sa Tsina bilang kaagapay sa kaunlaran at sa mga pamumuhunan nito sa Pilipinas. Ipinapakita ng mga media outlet na pag-aari at may impluwensya ng estado ang mga benepisyo ng mga proyekto ng PRC para sa mga Pilipino, habang binabalewala ang mga hamon na kaugnay ng mga proyektong pinondohan ng utang mula sa Beijing. Binibigyang-diin ng mga gustong naratibo ng Beijing ang kooperasyong sabay na nagwawagi ang dalawang partido, katatagan ng rehiyon, at pakikipag-sosyo sa ekonomiya. Bukod sa mga ulat sa media, direktang pakikipag-ugnayan din ang mga opisyal ng PRC, kabilang ang mga embahador, sa publiko ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga artikulong op-ed at pampublikong pahayag sa mga lokal na pahayagan na may simpatiya sa mensahe ng Beijing.

Sa kabila nito, sa nakalipas na dekada, nagbabago-bago ang kakayahan ng PRC na direktang impluwensyahan ang lokal na kalagayan ng media sa Pilipinas, na apektado ng mga pangyayaring geopolitikal at ang paglulunsad ng mga

inisyatiba tulad ng BRI. Dahil sa mataas na bisibilidad ng alitan sa South China Sea, nagiging mas mahirap para sa PRC na umasa sa direktang mga taktika ng pagmemensahe para itulak ang kanilang gustong naratibo. Ang kontrol sa naratibong ito ay kritikal sa estratehiya ng Beijing para mapanatili ang positibong imahe nito sa Pilipinas at mailihis ang atensyon mula sa mga sigalot sa dagat.

### Anong mga estratehiya ang ginagamit ng PRC para hindi direktang hubugin ang mensahe ng media sa Pilipinas—at ano ang epekto nito?

Sa harap ng pagbagsak ng tiwala at pagsang-ayon sa PRC, lalong umasa ang Beijing sa hindi direktang pagmemensahe, gamit ang mga tagapamagitan para maihatid ang kanilang mga naratibo ng hindi direktang nauugnay sa PRC. Ang ganitong paraan ay sumasalamin sa tumataas na pagsusuri sa mga nilalaman ng PRC mula sa media na kontrolado ng estado, kabilang ang mga mambabatas at publiko ng Pilipinas, at ang pag-usbong ng mas sopistikadong mga operasyon ng impluwensya ng Beijing. Ang mga naratibo na kampi sa PRC mula sa mga pinagkakatiwalaang lokal na pinagkukunan sa Pilipinas ay mas malamang na hindi makaranas ng pagdududa kumpara sa mga opisyal na outlet ng PRC.

Gayunpaman, hindi laging ginagarantiya ng mga kasunduan sa pagbabahagi ng nilalaman sa pagitan ng mga media ng estado sa PRC at mga media outlet ng Pilipinas ang mga resultang gusto ng Beijing. Bagama't pinapayagan ng mga CSP na maipakita ng Beijing ang kanilang mga naratibo sa pamamagitan ng lokal na lente, hindi ito nagbibigay ng katiyakan ng positibong coverage, na nagpapakita ng mga limitasyon ng hindi direktang pagmemensahe sa pamamahala ng kanilang imahe sa ibang bansa.

Halo-halo ang mga resulta ng mga programa ng pagsasanay na sponsor ang PRC para sa mga mamamahayag sa Pilipinas. Habang itinuturing ng ilan ang mga programang ito bilang mahalagang pagkakataon para sa pinondohang paglalakbay at imersyon sa kultura ng Tsina, maaaring magkaroon din ng mas positibong pananaw sa PRC ang iba. Gayunpaman, hindi laging pare-pareho ang epekto nito sa kanilang pag-uulat. Sa ilang mga kaso, mas malinaw ang impluwensya, kung saan ang mga kalahok ay gumagawa ng mga ulat na mas naaayon sa mga naratibo ng PRC. Ipinapakita ng mga resulta na ito ang masalimuot at madalas na hindi inaasahang epekto ng mga programang pagsasanay para sa mga mamamahayag sa coverage ng media.

Natanto rin ng Beijing ang kahalagahan ng social media sa Pilipinas, kung kaya't nakikipagtulungan ito sa mga influencers sa mga platapormang tulad ng TikTok at Facebook para ipalaganap ang mga positibong naratibo, partikular sa mga pampulitikang sensitibong kaganapan. Itinututok nito ang mga mensahe sa parehong kabataan at matatanda, kinilala ang mataas na antas ng pagiging konektadong digital ng mga Pilipino, na nagbibigay ng higit na katotohanan sa mensahe gamit ang mga lokal na tinig. Gayunpaman, nahihirapan ang mga mensahe ng PRC na tumugma sa lokal na madla, na ipinapakita ng limitadong presensya ng mga influencers sa bansa na kampi sa PRC.

### Hanggang saan nagkakatugma o nagkakasalungatan ang mga naratibo ng PRC at media ng Pilipinas, at bakit?

Madalas na binabalewala o pinaliit ng naratibo ng PRC ang mga malalaking hamon sa pagpapatupad ng mga proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas, kabilang ang sobrang gastos, mga isyu sa pamamahala, at mga epekto sa kapaligiran. Habang sinisikap ng PRC na ipakita ang mga proyektong ito sa isang

positibong liwanag at ang mga benepisyo nito sa mga Pilipino, kadalasang itinatampok ng media ng Pilipinas ang mga aberya at pagkabigo, na nagpapakita ng pagkakaiba sa naratibo. Ang pagkakaibang ito ay malinaw na makikita sa pagsusuri ng mga teksto at mga pananaw mula sa mga panayam sa mga eksperto sa media ng Pilipinas.

Sinisikap ng Beijing na ilarawan ang mga proyektong pinondohan ng PRC bilang mga inisyatibong pinamumunuan ng lokal para mabawasan ang nakikitang presensya ng Tsina at ilipat ang responsibilidad sa mga lokal na kondisyon o kasosyo. Gayunpaman, madalas na nabibigo ang estratehiyang ito kapag masusing sinuri ng lokal na media ang tunay na lawak ng pagkakasangkot ng PRC. Halimbawa, itinatampok ng mga media outlet na kampi sa PRC ang mga tagumpay ng mga proyekto tulad ng Kaliwa Dam at CRPIP bilang bahagi ng pambansang agenda ng kaunlaran ng Pilipinas sa ilalim ng programa ng BBB ng administrasyong Duterte, habang hindi binabanggit na malaki ang pondo at pagpapatupad mula sa mga kumpanyang Tsino. Ang pagkakaibang ito sa pagitan ng PRC at lokal na naratibo ay higit pang nagpapakita ng mga pangunahing hamon na kinakaharap ng Beijing sa pamamahala ng imahe nito sa ibang bansa.

Gayunpaman, mahalagang huwag maliitin ang potensyal ng mga taktika ng hindi direktang pagmemensahe ng PRC para maimpluwensyahan ang coverage ng media sa Pilipinas. Ang pagsusuri sa mga nilalaman ng Manila Times, na isang content-sharing partner ng Xinhua, ay isang halimbawa. Makabuluhang tumaas ang porsyento ng mga op-ed ng Manila Times na binabanggit ang "Tsina" sa nakaraang labing limang taon. Sa 71 porsyento ng mga quarter na nasuri mula 2010 hanggang 2024, positibo ang karaniwang sentimyento ng mga artikulong op-ed sa Manila Times na may kaugnayan sa Tsina. Ang positibong coverage na ito ay naging matatag at lalong nakaugat sa mga nakaraang taon, sa kabila ng

pagbabago-bago ng opisyal na posisyon ng mga administrasyon ng Pilipinas patungo sa Tsina.

## 6. Sanggunian

ABS-CBN News. (2020, April 27). 'It's propaganda': Iisang Dagat song earns thousands of dislikes - analyst | ABS-CBN [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=NwruF3lg2TI

Abdi, M. (2024, July 3). CIPCC holds the closing ceremony for its 2024 first half program. Tehran Times. https://www.tehrantimes.com/news/500655/CIPCC-holds-closing-ceremony-for-its-2024-first-half-program

Agoot, L. (2023, March 2). More than 60 journos join China's exchange program. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1196510

AidData. (n.d.). Project ID: 96037. Singapore Branch of Bank of China provides $200 million term loan to DTC for Phase 1 of 4G/5G Telecommunications Network Project. China AidData. Retrieved September 6, 2024, from https://china.aiddata.org/projects/96037/

Analyst News, The. (2022, August 19). 2022 CIPCC Program Opens in Beijing-China Hosts 73 Journalists from Developing Countries. The Analyst News. https://analystliberiaonline.com/2022-cipcc-program-opens-in-beijing-china-hosts-73-journalists-from-developing-countries/

Andrzejewski, C., Horigoshi, A., Maher, A. I., and Solis, J.A. (2023). Innovators and emulators: China and Russia’s compounding influence on digital censorship. Orbis, 67(4), 626-654. https://doi.org/10.1016/j.orbis.2023.08.009

Baker-White, E., and Martin, I. (2023, April 24). On TikTok, Chinese state media pushes divisive videos about U.S. politicians. Forbes. https://www.forbes.com/sites/emilybaker-white/2022/12/01/tiktok-chinese-state-media-divisive-politics/

Benoit K., Watanabe K., Wang H., Nulty P., Obeng A., Müller S., and Matsuo, A. (2018). "quanteda: An R package for the quantitative analysis of textual data." Journal of Open Source Software, 3(30), 774. doi:10.21105/joss.00774, https://quanteda.io.

Bednarz, C. (2018, February 5). Forum Q&A: Maria Ressa on Digital Disinformation and Philippine Democracy in the Balance. National Endowment for Democracy. https://www.ned.org/forum-qa-maria-ressa-on-digital-disinformation-and-philippine-democracy-in-the-balance/

Brandt, J., Ichihara, M., Jalli, N., Shen, P., and Sinpeng, A.. (2022). Impact of disinformation on democracy in Asia. Brookings Institute. December 2022. https://www.brookings.edu/articles/impact-of-disinformation-on-democracy-in-asia/

Busbarat, P., Camba, A., Pratiwi, F. I., Po, S., Đ�, H., Sengkhamkhoutlavong, B., and Yean, T.S. (2023, December 5). How has China's Belt and Road Initiative impacted Southeast Asian countries? Carnegie Endowment for International Peace. https://carnegieendowment.org/posts/2023/12/how-has-chinas-belt-and-road-initiative-impacted-southeast-asian-countries?lang=en

Crismundo, K. (2019, April 23). Belt & Road news platform launched. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1067875

Crisostomo, S. (2023, December 12). House questions SMNI's China TV partnership. The Philippine Star. https://www.philstar.com/headlines/2023/12/12/2318174/house-questions-smnis-china-tv-partnership

Custer, S., Prakash, M., Solis, J., Knight, R., and Lin, J. (2019). Influencing the Narrative: How the Chinese government mobilizes students and media to burnish its image. Williamsburg, VA. AidData at William & Mary.

Custer, S., Dreher, A., Elston, T.B., Escobar, B., Fedorochko, R., Fuchs, A., Ghose, S., Lin, J., Malik, A., Parks, B.C., Solomon, K., Strange, A., Tierney, M.J., Vlasto, L., Walsh, K., Wang, F., Zaleski, L., and Zhang, S. (2023). Tracking Chinese Development Finance: An Application of AidData's TUFF 3.0 Methodology. Williamsburg, VA: AidData at William & Mary.

Custer, S., Burgess, B., Solis, J. A., Sritharan, N. and Mathew, D. (2024). Beijing's Big Bet on the Philippines: Decoding two decades of China's financing for development. Williamsburg, VA: AidData at William & Mary.

DataReportal, We Are Social, and Meltwater. (2024). Leading social media platforms used each month by internet users in the Philippines as of 3rd quarter 2023 [Graph]. In Statista. Retrieved September 01, 2024, from https://www.statista.com/statistics/1127983/philippines-leading-social-media-platforms/

Dreher, A., Fuchs, A., Parks, B. C., Strange, A., and Tierney, M.J. (2022). Banking on Beijing: The Aims and Impacts of China's Overseas Development Program. Cambridge, UK: Cambridge University Press.

Garcia, I.R. (2023, July 22). China's NTRA holds seminar for journalists and info officers. Mindanao Times. https://mindanaotimes.com.ph/72501/

Global Times. (2023, Mar 21). US making Philippines a pawn as it pushes for access to more military bases: expert. https://www.globaltimes.cn/page/202303/1287704.shtml.

Gunter, L. (2021, December 9). China committed genocide against Uyghurs, independent tribunal rules. BBC. https://www.bbc.com/news/world-asia-china-59595952.

Han, B.C. and Elemia, C. (2023). Beijing's Global Media Influence 2022. Freedom House. https://freedomhouse.org/country/philippines/beijings-global-media-influence/2022

Hernando-Malipot, M. (2023, August 3). 11 days in China: Stepping back in time, and viewing the future. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2023/8/3/11-days-in-china-stepping-back-in-time-and-viewing-the-future

Kemp, S. (2024, January 31). Digital 2024: 5 Billion Social Media Users. we are social. https://wearesocial.com/us/blog/2024/01/digital-2024-5-billion-social-media-users/

Lalu, G.P. (2022, April 17). Robredo's pledge to Quezon, IPs: No project to go on without people's concurrence. Philippine Daily Inquirer. https://newsinfo.inquirer.net/1584503/robredos-pledge-to-quezon-ips-no-project-to-go-on-without-peoples-concurrence

Lim L. and Bergin, J. (2020). The China Story: Reshaping the World's Media. International Federation of Journalists. June 2020. https://www.ifj.org/fileadmin/user_upload/IFJ_ChinaReport_2020.pdf

Mendoza, J.E. (2024, January 23). NTC orders SMNI to stop operations indefinitely. Philippine Daily Inquirer. https://newsinfo.inquirer.net/1892851/fwd-ntc-orders-smni-to-stop-operations-indefinitely

Minqing H. and Bing, L. (2004). ``Mining and summarizing customer reviews.'', Proceedings of the ACM SIGKDD International Conference on Knowledge Discovery & Data Mining (KDD-2004), Seattle, Washington, USA, Aug 22-25, 2004.

Nakazawa, K. (2023, January 19). Analysis: Jack Ma downfall spells end of China's golden age: Alibaba founder was blown off the scene like a cloud in the sky. Nikkei Asia. https://asia.nikkei.com/Editor-s-Picks/China-up-close/Analysis-Jack-Ma-downfall-spells-end-of-China-s-golden-age

Parrocha, A. (2018, November 20). PCOO thanks Chinese state-media for good news about PH. Philippines News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1054455.

Philippine News Agency. (2022, December 20). CEEC starts tunnel boring for Kaliwa Dam project. Philippines News Agency. Retrieved from: Factiva Dow Jones News and Analysis. Url: https://www.pna.gov.ph/articles/1191150.

Piatos, T. C. (2024, February 05). Andanar slams Katrina Ponce Enrile claim he funds disinformation from Beijing: 'Fake news'. The Daily Tribune. https://tribune.net.ph/2024/02/05/andanar-slams-katrina-ponce-enrile-claim-he-funds-disinformation-from-beijing-fake-news.

Punongbayan, M. (2024, June 15). China reiterates appeal for Philippines to ban POGOs. The Philippine Star. https://www.philstar.com/headlines/2024/06/15/2363029/china-reiterates-appeal-philippines-ban-pogos

Rappler. (2023a, August 18). Malacañang abolishes controversial Arroyo-era Northrail train project. Rappler. https://www.rappler.com/business/malacanang-abolishes-controversial-arroyo-era-northrail-train-project/

Rappler. (2023b, August 31). Rapppler's highlights: China's 10-dash line, Quezon City fire, Joji | The wRap. Rappler. https://www.youtube.com/shorts/JQM8VACL7DU

Rappler. (2024, June 19). China Coast Guard's 'brutal attacks' vs. Filipino troops in Ayungin. Rappler. https://www.youtube.com/watch?v=W-yJiJQpYrc;

Robles, R. (2018, November 18). China Telecom's move into the Philippines faces legal battle. South China Morning Post. https://www.scmp.com/week-

asia/economics/article/2173029/china-telecoms-move-philippines-faces-legal-battle.

Robles, A. (2020, April 27). 'Laughable': Filipinos pan Covid-19 music video as Chinese propaganda. South China Morning Post. https://www.scmp.com/week-asia/politics/article/3081796/laughable-cynical-filipinos-pan-chinese-coronavirus-music-video

Robles, R. (2023, March 31). Philippines should stay neutral or risk being 'crushed' amid US-China tensions, experts warn. South China Morning Post. https://www.scmp.com/week-asia/politics/article/3215903/philippines-should-stay-neutral-or-risk-being-crushed-amid-us-china-tensions-experts-warn

Romero, A. (2023, October 22). North Luzon Railways Corp abolished. The Philippine Star. https://www.philstar.com/headlines/2023/10/22/2305626/north-luzon-railways-corp-abolished

Seitz, A., Tucker, E., and Catalini, M. (2022, March 30). How China's TikTok, Facebook influencers push propaganda. AP News. https://apnews.com/article/china-tiktok-facebook-influencers-propaganda-81388bca676c560e02a1b493ea9d6760

Social Weather Stations. (2024). The 2024 SWS survey review. February 8, 2024. https://www.sws.org.ph/swsmain/artcldisppage/?artcsyscode=ART-20240208022528.

South China Morning Post. (2022, August 15). Philippines considers pivot to Japan to help finance railway projects, after funding shortfall stalls China deals. https://www.scmp.com/week-asia/economics/article/3189070/philippines-considers-pivot-japan-help-finance-railway-proj

Statista. (2024). Internet Penetration Rates in the Philippines from 2020 to 2029. https://www.statista.com/statistics/975072/internet-penetration-rate-in-the-philippines/

Strangio, S. (2024, June 07). 76% of Filipinos View China as Country's 'Greatest Threat': Survey. The Diplomat. https://thediplomat.com/2024/06/76-of-filipinos-view-china-as-countrys-greatest-threat-survey/

Tuquero, L. (2019, November 22). Año says China-funded Safe Philippines project will be "all-Filipino." Rappler. https://www.rappler.com/philippines/245529-ano-china-funded-safe-philippines-project-all-filipino/

Vidal, A. P. (2024, March 8). Iloilo can't fight China. DailyGuradian. https://dailyguardian.com.ph/iloilo-cant-fight-china/

Wang, V. (2024, July 31). Why Chinese Propaganda Loves Foreign Travel Bloggers. New York Times. https://www.nytimes.com/2024/07/31/world/asia/china-propaganda-travel-influencers.html

Yap, D.J., Ramos, M.S., and Gascon, M. (2019, October 24). ECC for Kaliwa Dam project assailed. Philippine Daily Inquirer. https://newsinfo.inquirer.net/1181082/ecc-for-kaliwa-dam-project-assailed

Young, L. and S. Soroka. (2012). Affective News: The Automated Coding of Sentiment in Political Texts. Political Communication, 29(2), pp. 205-231. doi:10.1080/10584609.2012.671234

Yuan, Z., and Zhang, Z. (2016, October 17). China boosts soft power by training foreign journalists. China Daily. https://www.chinadaily.com.cn/china/2016-10/17/content_27077588.htm